



**Pilipino version of the e-book**

*Healing Stories of Sister Raquel*

**Pinamimigay itong e-book**
**nang walang bayad sa Internet.**

**Sumali sa healing ministry ni Sister Raquel.**
**Ipasa o i-email ito sa inyong mga kaibigan.**
**Ikalat ang Banal na Balita ni Doktor Hesus Nazareno.**

## Lahat Tayo Magkarugtong

*sa bawat ibinigay sa atin, kailangan natin ring magbigay*
*kapag tayo ay natakatanggap ng biyaya*
*at ipinasa natin ito sa iba*
*tatanggap tayo ng isang daan pang biyaya*
*yan ang sabi ni Doktor Hesus Nazareno*

*ibigay sa iba itong natanggap ninyong e-book*
*ito ay pagkain para sa ating kaluluwa*
*sa mga gutom at uhaw sa balita ni Doktor Hesus*
*sa mga hirap, may sakit, at nawawalan ng pag-asa*
*sa mga litung-lito sa buhay*
*at naghahanap ng kapayapaan*
*sa mga balisa at di mapakali kung ano ang gagawin sa buhay*
*buhay na unti-unti wala nang kabuluhan*
*sa mga hirap maghanapbuhay*
*walang trabaho, walang anak*
*sa mga hindi makapasa sa paaralan*
*sa may mga kanser o sakit na malubha o wala nang gamut*
*na si Doktor Hesus lang ang pag-asa*
*kapag ipinasa natin ito sa ibang nangangailangan*
*yan ang pinakamahalagang handog na ating maibibigay*
*sa kanila at kay Doktor Hesus*

*walang taong nag-iisa.*
*lahat tayo magkarugtong, magkatuwang,*
*magkakabit, magkaputol, mag-utol*
*sa ating buhay, sa ating pag-ugnay kay Hesus*
*kahit sa siksikang dyip o dito sa Internet*
*kahit sa ospital, trabaho o tahanan o hardin*

**Ang Panginoon ang Hari ng Cyberspace.**




**Long Distance Healing**

**maaring makipag-usap at magpa-pray-over kayo
kay Sister sa telepono (632) 930-3902**

**Takdang oras lamang po –
araw-araw maliban Mierkoles at Sabado,
alas-8 hanggang alas-9 ng gabi lamang, oras sa Pilipinas.
Huwag pong tumawag nang hindi takdang oras.
Kung walanag sumasagot, bukas muli.**

**Maaari kayong humiling ng padasal
sa Mother Ignacia Prayer Warriors
lalo na yong mga malubha ang sakit
gaya ng kanser, sakit sa puso, bato, baga, utak.**

**Magrehistro lang bilang miembro upang makatanggap ng mensahe tungkol sa inyong hiling, at ng ibang ipinamimigay na materiales na walang bayad gaya ng mga e-books, posters, dasal, video, atbp.**

**Global healing website – www.sisterraquel.com**

**Kung may mga tanong, mag-email sa eastwind@motherignaciahealingministry.com**

**Makinig rin sa radyo healing program na pinamagatang**
*Programa ni Doktor Hesus Nazareno*
**tuwing Mierkoles, alas-8 hanggang alas-9 ng gabi Radio Veritas, 846 khz sa AM band.**



## Pag-aalay

**Ang librong ito ay unang-unang ini-aalay ko kay Doktor Hesus at kay Mama Mary na siyang ultimong mga manunulat nito, na siyang patnubay sa kamay ko sa pagsusulat, upang maibalita sa lahat ng tao ang Kanilang pahatid.**

**Iniaalay ko rin ito sa aking pamilya, Nene, Julius, Dee, Rochie, ang nanay ko, Rosella, mga kapatid ko, Tony, Sheila, Balo, Joey, Ivy, Melo at ang kanilang mga pamilya, sa kanilang patnubay at tulong.**

**Iniaalay ko rin ito kay Sister Maria Raquel Reodica, RVM, ang pakay at inspirasyon ng libro, at sa lahat ng nagbigay ng tulong, malaki man o maliit, Ang Kanyang Eminensya Jaime Cardinal Sin, ang Kagalanggalang na Mother General ng RVM, Mother Clareta Balleque, ang mga kasapi ng kongregasyon ng RVM, mga patnugot na sina Mrs. Letty Locsin at Tony Reyes, ang mga tumutlong kay Mrs Locsin sa opisina, at ang tagalathala.**

**Sa kahuli-hulihan, ini-aalay ko ito sa lahat ng mga nakatamo ng healing ng katawan man o diwa galing sa Panginoon sa pamamagitan ng kamay ni Sister Raquel, ang mga nailigtas sa dusa at sakit, ang mga bumalik sa daan patungong Panginoon; at kasama na rin ang mga ililigtas pa at makatatamo ng healing sa mga sumusunod na panahon.**

**Bernie Lopez (*eastwind*)**

## Tungkol sa May-akda

**Si Bernardo V. Lopez, o Bernie o *eastwind*, ay isang manunulat sa mga periodiko. Naging kolumnista siya sa Manila Chronicle nang 4 na taon at ng Business World nang 7 na taon. Nagsusulat rin siya para sa Philippine Daily Inquirer at Philippine Star, dalawa sa pinakamabasang dyaryo sa bansa. Nakapagsulat rin siya nitong huling labing walong taon sa ibat-ibang diyaryo, gaya ng Manila Bulletin, Manila Times, Malaya, at Mr & Ms Special Edition.**

**Si Bernie ay isa ring profesor at tagasanay. Nagturo siya sa Ateneo Graduate School of Business at sa Lyceum of the Philippines. Nakapagbibigay rin siya ng mga seminar-workshop sa mga korporasyon at tanggapan ng pamahalaan.**

**Si Bernie ay isa ring writer-director-producer ng mga pelikulang dokumentaryo para sa telebisyon, gaya ng sa Inside Story ng ABS-CBN sa ilalim ni Loren Legarda noong hindi pa siya senator, at sa Probe Team ng GMA7 sa ilalim ni Luchie Cruz. Gumawa rin siya ng ilang dokumentaryo para sa telebisyong Hapon kasama ang mga independienteng producer galing sa Japan. Dalubhasa siya sa pagpelikula ng mga tribong Pilipino at mga dokumentaryo tungkol sa anthropology.**

**Sinulat niya ang librong *Wind and Wanderlust, the Art of Discovering Yourself* (Hangin at Lakbay, ang Sining ng Pagtuklas sa Sarili), tungkol sa kanyang mga sapalarang pagbiyahe sa Europa noong kabataan niya. Nakapagsulat rin siya ng dalawang pelikulang pang Hollywood.**

## Tungkol sa Aklat na Ito

**Ang aklat na ito ay inipung mga artikulong sinulat ni *eastwind* na nailathala na sa mga payahagan mula noong 1991 hanggang 2003. Ang mga kuwento ay galing kay Sister Raquel Reodica, RVM o sa mismong mga ginamot ni Doktor Hesus.**

**Si Sister Raquel ay hindi gumagamot. Siya ay tulay lamang sa Siyang gumagamot na si Doktor Hesus. Ang aklat ay may mga patnubay sa healing o pagpapagamot, mga direksiyon papunta sa Mother Ignacia Healing Center, mga araw at oras ng bukas and center sa nagpapagamot kay Doktor Hesus.**

## Ang Mga Kabanata


| Pagina | Kabanat |
|---|---|
| 8 | A patnubay sa pagpapagaling |
| 17<br>20 | B pambungad: ang Panginoon bilang mangagamot<br>: lampara para sa ating daan, ni Sr. Anicia |
| 23 | C testimonya ng mga gumaling |
| 32 | 1 tanaw mo ang walang hanggan |
| 35 | 2 ang mensahe ng kaligtasan |
| 38 | 3 kausap ang bundok at hangin |
| 41 | 4 ang kapangyarihan laban sa sakit |
| 44 | 5 pagtulong sa daigdig ng may sakit |
| 46 | 6 pagbabagong diwa |
| 48 | 7 ang bulag na magsasaka |
| 51 | 8 mga kuwento tungkol sa healing |
| 54 | 9 pagsayaw para kay Mama Mary |
| 57 | 10 “mabuti pang mamatay kaysa magpatawad” |
| 60 | 11 pag-asa sa oras ng gipit |
| 63 | 12 dusa at galak |
| 66 | 13 magnanakaw sa gabi |
| 69 | 14 maria esperanze, bisyonaryo |
| 72 | 15 hindi pumalag si kuya germs |
| 75 | 16 ang pagbibigay ng sarili |
| 78 | D panghuling salita: Mama Mary bilang tulay tungo kay Hesus |

*A*

## Patnubay sa Pagpapagaling

### Ang Mother Ignacia Healing Ministry

**Ang ministrong ito ay pinamumunuhan ni Sister Raquel Reodica, RVM. Bukas ang pinto ni Sister Raquel para sa sinuman tuwing Mierkoles at Sabado (sa harap). Bukas rin ang pinto ni Sister Gloria tuwing Martes, Mierkoles, Biyernes at Sabado (sa likod). Nag-uumpisa ng 9:30 ng umaga, buong araw. Pagdating, magrehistro muna kaagad.**

**HINDI TUMATANGGAP NG APPOINTMENTS. Maaring dumalo na lang sa takdang oras at hindi na kailangan ang appointment. Kung dumalo kayo ng ibang araw, maaring hindi kayo matulungan, kahit galing pa kayo sa malayong lugar. Kailangan din nila ng oras na magpahinga at magdasal at isatupad ang mga ibang gawain.**

**Kung ang may sakit ay malubha at hindi kayang maglakbay, maaring dumalo ang kamag-anak bilang proxy na siyang i-pray-over ni sister para sa may sakit. Maari ring makausap si sister ng may sakit na tatawagan ng proxy sa cellphone.**

**Mayroon ding mga ilang silid tulugan para sa mga galing sa malayo. Magpaalam lamang pag-rehistro kung may bakante o kaya tumawag muna sa telepono.**

**Ang 98 porsyento ng oras ay sa mga preparasyong, upang magdasal at makinig kay sister na ihanda kayo sa pagpapagamot. Ang 2 porsyento ng oras ay sa pray-over ni sister. Kung walang preparasyon, walang matatamong paggaling.**


**Ang inyong paggaling ay na kay Doktor Hesus at sa inyong pananampalataya. Si sister ay tulay lamang kay Doktor Hesus. Si sister ay hindi nagpapagaling. Si Doktor Hesus lamang ang nagpapagaling.**

### Direksiyon papunta sa Mother Ignacia Healing Center

| | |
|---|---|
| **Telephone:** | **(632) 930-3902** |
| **Address:** | **Mother Ignacia Retreat House,<br>857 Bagumbong Road, Novaliches,<br>Caloocan City, Metro-Manila, Philippines** |
| **E-mail:** | **eastwind@motherignaciahealingministry.com<br>(c/o author Bernie Lopez)** |
| **Website:** | **www.sisterraquel.com** |

**MAPA NG PAPUNTA SA MOTHER IGNACIA HEALING MINISTRY**

**Itong mapa ay para lamang sa rotang daang Mindanao Ave. o EDSA Clover Leaf. Walang mapa sa rotang daang Fairview.**



**Kung sasakay ng bus o jeepney:**

**Sumakay ng bus sa EDSA na may karatulang Novaliches o Novaliches C-5 papuntang norte. Sabihin sa kunduktor ibaba kayo sa mismong Bayanan o Sentro. Pagkababa, itanong kung saan ang terminal ng jeepney papuntang Bagumbong na nasa sa may Susano Road. Pagkasakay, sabihin sa jeepney drayber ibaba ka sa Mother Ignacia Healing Center, may karatula, sa bandang kaliwa ng daan.**

**Kung may sariling sasakyan:**

**Kung galing Quezon City, habang papunta norte sa EDSA, kumanan sa North Avenue (SM North o Trinoma). Kumaliwa sa unang traffic light. Pagkaraan ng mga 3 o 4 kilometros, kumanan sa Quirino Highway, patungong Novaliches.**
**Kung galing Maynila, pumunta sa Clover Leaf papuntang North Expressway. Kumanan bago umabot ng toll sa Quirino Highway, patungong Novaliches.**

**Alam mong nasa sa Novaliches Bayanan o Sentro ka na kapag may harang na ang gitna ng kalye. Ang buong highway ay kakanan sa traffic light, ngunit dumertso ka sa maliit na kalyeng Susano Road. Habang naghihintay ng go papuntang Susano, wag mag-obertake sa kanan, sa kaliwa ka lamang, at baka mapilitan kayong kumanan.**

**Pagkaraan ng kalahating kilometro, bumibiyak ang kalye. Kunin mo ang kaliwa na nagiging Deparo Road. Paliko-liko ito. Deretso lang ng mga apat na kilometro hanggang wala nang masyadong bahay at bukirin na. May tricycle terminal na may karatulang patungong Villa Luisa. Huwag pumunta ng deretso sa Villa Luisa. Kumaliwa sa Bagumbong Road. Malapit na. Lampasan ang Parkview Subdivision sa kanan. Pagkaraan ng isang daang metro, hanapin ang karatulang Mother Ignacia Healing Center, Numero 857, Bagumbong Road. Kung kayo ay nawawala, magtanong lang. Alam ng karamihan ang Mother Ignacia.**

**Patnubay sa Pagpapagaling**
**ni Sister Raquel Reodica, RVM**

**Healing Prayer o**
**Dasal ng Pagpapagaling at Pagbabagong Buhay**

**Mabilisan, maiksi**
**Maaring basahin sa opisina o sa bus.**

*Ginoon Hesus,*
*bilang Maylikha ng langit at lupa*
*napakadali po Ninyong tanggalin*
*ang aking sakit*
*sa ngalan ng Inyong Inang Maria*
*at ni san jose at ni mother ignacia*
*hinihiling ko po sa Inyo*
*nagmamakaawa po ako sa Inyo*
*na gamutin ang aking sakit*
*bilang ganti ipinapangako ko po*
*na magbagong buhay*
*buhay na alay sa Inyong banal na puso*
*amen*

**Mahaba**
**Maaring basahin sa silid ng tahanan o sa simbahan**

**Tuwing ika-walo ng umaga, o kung anumang oras na ang iyong diwa, maghanap nang isang tahimik na lugar. Makiusap kay Hesus na dumalo so iyong harap. Naririyan na Siya sa iyong tabi at madaling kausapin. Ibigay ang kalooban kay Hesus sa ngalan ng Kanyang mahal na Inang Maria.**

**Taos pusong at marahang basahin ang dasal sa ibaba. Ihayag ang pagnanasang gumaling nang lubos. Ito ang iyong dasal sa isa't-isa pakikipag-usap kay Hesus.**

*Ama naming nasa langit*
*na siyang naghugis at lumikha ng aking katawan*
*kung saan ako (sabihin ang iyong pangalan)*
*ngayo'y namamahay at nabubuhay*

*Inyong ipabatid sa ngalan ni HESU KRISTO*
*na ang dahilan sa aking sakit ay ang aking mga kasalanan*
*ang aking maling pag-iisip, ang aking pag-labag sa Inyong batas*
*humihingi po ako ng tawad, Hesus, sa aking mga kamalian*
*at ipinapangako kong magbalik loob sa Iyo*

*ipabatid Niyo po sa akin sa ngalan ni HESU KRISTO*
*na ang Inyong kapangyarihang lumikha*
*na naghugis ng aking katawan*
*ay naririto pa rin sa aking kalooban, sa aking pag-iisip*
*handing magsilbi sa akin sa anumang oras na ako ay nangangailangan*

*ipabatid Niyo po sa akin, sa aking malayang pag-iisip,*
*na mauutusan ko ang kapangyarihang ito*
*na kumilos para sa aking kabutihan*
*kung tunay ngang ang aking kalooban at pag-iisip ay tugma sa Inyo*

*tinatawagan ko po ngayon ang Inyong kapangyarihan*
*sa aking kalooban, mahal na Panginoon,*
*sa ngalan ni Hesus, na alisin lahat ng aking sakit*

*alam kong ang aking paggaling ay nag-uumpisa na sa aking kalooban*
*dahil si Inyong awa at pagmamahal*
*dahil sa Inyong grasyang nagpapagaling*
*na nasa aking mga buto, balat at buong katawan*
*lalung-lalo na sa aking (banggitin lahat ng iyong sakit)*

*batay sa aking paningin at pananampalatya,*
*o Diyos na makapangyarihan,*
*sa ngalan ni Hesu Kristo, Anak ni Mama Mary*
*sa tulong ni mother ignacia del espiritu santo*
*at lahat ng mga santo, ako ay magaling na*
*amen amen amen*

**Manatiling tahimik at nagdadasal nang 15 hanggang 20 minuto at tanggapin ang pagpapagaling ng Panginoon.**

**Tungkol sa Pagpapagaling**

**Sa mga ilang taong pagsilbi ko sa healing ministry ni Hesus, aking nabatid na, maliban sa mga lason ng katawan na nagbibigay ng karamdaman, mayroon ding mga lason ng pag-iisip, sa ating mga tahanan at paligid, na nagbibigay ng sakit sa pamamagitan ng maling pananaw.**

**Ang sakit ng katawan, gaya ng sa puso, pagkahibang, pagpapakamatay, o kanser, kung minsan ay dahil sa sakit ng diwa o kalooban, o maling pag-iisip. Kung minsan, kahit ang pag-iisip ay maaring maging sanhi ng aksidente. Halos lahat ng sakit ng katawan ay may kinalaman sa isip at kalooban.**

**Ang ating gawing mabuhay o pananaw ay tumutulong magbigay ng karamdaman. May mga doctor na aking nakilala na nagsasabing unti-unti nilang nababatid na ang sakit ay maaring sanhi ng negatibong emosyon. Naiisip nila na maliban sa lason ng katawan, mayroon ding lason ng pag-iisip. Para sa karamihan, ang biglang pagpalit ng ating gawing pamumuhay at dating pamamaraan ay mahirap. Ito ang payo ko sa inyo:**

*mag-relaks at palitan and dating gawing pamumuhay*
*maging masmalumanay sa sarili at sa iba*
*matutong magmahal ng puspos*

**Preparasyon sa Pagpapagaling**

**Hindi natatamo ang pagpapagaling nang biglaan o sa pag-pray-over lamang. Hindi ito switch ng ilaw na patay-bukas. Kailangang dumaan sa prosesong spiritwal. Ang pagpapagaling ay nasasa Panginoon at sa may sakit. Si sister Raquel at ang tubig pangbasbas ay mga "tulay" lamang papunta sa Panginoon. Kung walang preparasyong spiritwal, kung walang pagsisisi sa kasalanan, walang pagpapatawad sa mga nagkasala sa iyo, kung walang paglilinis ng diwa, walang pagpapagaling. Kailangan pagalinging muna ang budhi bago ang katawan. Narito ang payo ni Sister Raquel.**

*ilagay ang sarili sa harap ni Hesus*
*naririyan na Siya sa iyong tabi ngayon*

*sa Kanyang harap*
*magpatawad sa mga nagkasala sa inyo*
*kahit gaano kasama ang sala*
*huwag magsungit o maging mataray*
*lalo na sa mga maliliit na tao*

*kalimutan ang paghihiganti at paninira*
*kalimutan ang suklam at galit*
*kalimutan ang inggit at pandaraya*

*tumulong at magbigay sa iba*
*sa inyong kakayahan*
*lalo na sa mga mahihirap*
*sa pamamagitan hindi lang ng kuwarta*
*kundi tulong o magandang loob*
*ibigay ang inyong oras at sarili sa kanila*

*humingi ng patawad sa pananakit*
*o pang-aaping inyong ginawa sa kapwa*
*lalo na sa mga katulong, kaibigan, mga bata*
*at magsikap na huwag na itong maulit*
*pagkatapos nito maari na kayong humiling*
*ng pagpapagaling sa Panginoon*
*dahil ang inyong budhi ay malinis na*

*isipin ang inyong nakaraang mga sala*

*kung hindi ninyo kayang magpatawad*
*kung tuloy ang pang-aapi ninyo*
*at pagkamakasalanan*
*kahit na magdasal kayo buong araw*
*at bumisita kay sister madalas*
*mahirap gumaling.*

*laging magdasal*
*kausapin si Hesus*
*ibigay ang sarili sa kanya*
*kausapin Siya ng masinsinan*
*bilang Kuya o Ama*
*Siya nasa tabi mo ngayon*
*Siya ay makikinig*

*humiling, paano Siyang magbibigay*
*kung wala namang hiling?*

*kapag ikaw ay nakalulugod na kay Hesus*
*kapag naalis na sa kalooban mo*
*ang mga negatibong bagay at asal*
*kapag nalinis na ang iyong budhi*
*madali na ang paglinis ng iyong katawan*

**Mga dasaling galing sa biblea**

---

*mahipo ko lamang*
*ang dulo ng Kanyang damit*
*ako ay gagaling na*

**matthew 9:20**

---

*pag tawid mo sa agos*
*Ako ay kasama mo*
*sa mga ilog na mababangis*
*hindi ka malulunod*
*pag tuntong mo sa baga*
*hindi ka mapapaso*
*hindi ka kayang lamunin ng apoy*
*dahil Ako ay kasama mong lagi*
*dahil Ako ang Panginoon, ang iyong Diyos*
*ang iyong banal na Tagapagligtas*
*dahil ikaw ay mahalaga*
*at magiliw sa Aking pananaw*
*at mahal kita*

**isaiah 43:2-8**

---

*bibigyan kita ng sakit*

*nang mahanap mo ang Aking pagpagaling*
*pipigain Ko ang iyong katawan*
*nang mapuno Ko ang iyong kaluluwa*
*gagawin kitang dukha*
*nang matamo ang Aking yaman*
*susunugin Ko ang iyong tahanan*
*nang mahanap mo ang Aking kubli*
*dadalhan kita ng kadiliman*
*nang makita mo ang Aking ilaw*
*nagbibigay Ako ng ginhawa*
*pagkaraan lamang ng pagdurusa*
*babasbasin kita ng Aking krus*
*bago kita bigyang ng biyaya*
*sa Aking takdang panahon*

**hangingsilangan**
**eastwind**

ℬ

## Pambungad

### Ang Panginoon Bilang Manggagamot
### Ang Kasaysayan ni Sister Raquel, RVM

**Bago natin umpisahan ang aklat, mabuting magbigay ng maikling kasaysayan ng healing power ni Sister Maria Raquel Reodica, RVM, na natanggap niya buhat sa Panginoon. Ang RVM ay ang kongrgasyon o komunidad ng mga madreng Katolikong Religious of the Virgin Mary.**

**Itong bahaging ito ng libro ay may mga direksiyon sa kahulihan kung papaano mapupuntahan ng mga nagbabasa si Sister Raquel kung nangangailangan ng healing.**

**Noong Hunyo ng taong 1991, pagkaraan ng pagputok ng Mt. Pinatubo, nang si Sister ay wala pang healing power, may isang Pilipinang bisyonaryo ang lumapit sa kanya. Sinabi ng bisyonaryo na matatamo ni Sister ang healing power buhat sa Panginoon. Binalewala ni Sister ito at tumawa lamang. Sabi niya na sino ba siya upang makatanggap ng ganoong bagay. Hindi sinasabi ng librong ito kung tama o mali ang sabi ng bisyonaryo. Ikinukuwento lamang ang mga binahagi ni Sister. Bahala na ang nagbabasang maniniwala o hindi sa mga sinasabi ng bisyonaryo.**

**Sinabi ng bisyonaryo na dapat pumunta si Sister sa Poong Bato, isang malayong barrio sa probinsya ng Zambales sa paanan ng Mt. Pinatubo. Sinabi niya na kailangang magdasal si Sister doon at itayo ang estatwa ng Birhen na gawa sa semento na itinumba ng pagputok ng bulkan. Ito ay nakabaon sa abo. Hindi nagtupad ang dalawampung katao na itayo ang estatwa dahil sa sobrang bigat nito.**

**Nang pumunta si Sister Raquel sa Poong Bato, nagdasal siya sa Birhen upang tulungan siyang mag-isip at magpasya ng tama tungkol sa sinabi ng bisyonaryo. Ano ba ang sinasabi niyang pagtayo ng estatwa? Pagkaraang magdasal, tumawag siya ng sampung katao upang itayo ang estatwa. Nagtaka ang sampu at umangal, at sinabi na kung hindi kaya ng dalawampu na itayo ito, ano pa kaya ang sampu. Namilit si Sister at naitayo nga ng sampu ang estatwang hindi maitayo ng dalawampu. Tinawag ang estatwang Ina Poong Bato. May katumbas na estatwa ito ngayon na nakatayo sa Manila Cathedral.**

**Naniniwala si Sister Raquel na natanggap niya ang healing power niya sa Poong Bato. Pagkaraan ng ilang araw, nagamot ng Panginoon ang mga may sakit sa pamamagitan ng kamay ni Sister. Kinuwento ni Sister kung papaano siyang nagdasal upang pahintuhin ang pangalawang pagputok ng Mt. Pinatubo. Ito ay nasa ika-labing-anim na kabanata.**

**Mahirap bastang paniwalaan ang mga salita ng isang nagsasabi na siya ay isang bisyonaryo na hindi naman kilala. Maaring siya ay kasangkapan ng demonyo at hindi ng Panginoon. Sino tayo upang malaman ang**

**katotohanan? Kailangang mag-ingat. Sa pagsulat ng librong ito, may mga walong bisyonaryo na ang lumapit kay Sister Raquel.**

**Nakinig si Sister sa lahat ng sinabi nila ngunit may pagdududa pa rin. Para kay Sister, maaring mangyari o hindi ang kanilang sinasabi. Naniniwala siya na ang kamay ng Panginoon ang kanyang iisa at huling patnubay. Ang Kanyang kagustuhan ang mangyayari sa kahuli-hulihan, hindi ang mga salita ng mga bisyonaryo. Kaya ganoon na lamang, sabi niya. Kung siya ay kasangkapan ng Panginoon, ang Panginoon na rin ang magpapatupad ng lahat sa Kanyang kapanuhan at pamamaraan. Kaya hindi nangangamba si Sister Raquel, kahit na siya ay maingat.**

**Hinanap siya ng isang babaeng Pranse na tiga Paris nang isang buong buwan, at nakita siya ng hindi sadya sa bahay sentral ng mga RVM sa Cubao, Quezon City. Sinabi niya na si Sister Raquel ay masasangkot sa 'global evangelization' o isang misyong pandaigdig, kung ano man ang ibig sabihin noon. Sinabi rin ng isa pang bisyonaryo na isang araw, matatamo ni Sister ang kapangyarihang makita ang kinabukasan.**

**Bilang manunulat ng librong ito, kung kanino nailathala ni Sister Raquel and daan-daang kuwento, naniniwala akong ang healing power niya ay may ugnay sa pagputok ng Mt. Pinatubo na isang malaking kataklismo. Ang kapanyarihang niyang makita ng kinabukasan o ang tinatawag na third eye o ang pangatlong mata, ay isang pamamaraan marahil ng Panginoong magbigay ng isang mensahe sa lahat ng katauhan sa mundo, isang mensaheng katulad rin ng sa Bago at Lumang Testamento, at sa 450 na taong pagpapakita ng Birhen buhat sa Guadalupe, Mexico noon taong 1531 hanggang sa Medjugorje, Yugoslavia noon 1981.**

**Ang mensaheng ito ay napakaikli at napaka simple na kayang-kayang maunawaan ng mga bata, ang magdasal, bumalik sa Panginoon, magsisi sa kasalanan upang matamo ang Kanyang biyaya at maiwasan ang Kanyang galit at parusa. Maraming nailathalang kataklismo sa Biblia na kagaya ng ngayon, kagaya ng Pinatubo. Ito ay ang pag-iisa ng teolohiya ng takot at pagmamahal, ng parusa at kaligtasan. Buhat noong panahon ni Abraham at Moses, ang mensahe ay laging iisa.**

**Ito na rin ang mensahe ng mga healing ni Sister Raquel. Bawat kanser na pumapatay na ginamot niya ay mayroon mensaheng katulad ng sa Biblia, bumalik sa Panginoon at tanggapin ang Kanyang biyaya. Ang healing ay natatamo sa pagbabalik-loob sa Panginoon.**

**Kaya nga, pagkaraan ng Pinatubo, tinangay si Sister Raquel ng isang bagyong paggagamot sa may sakit na hindi niya naisip na mangyayari. Ginamot niya ang libo-libo, kanser sa utak, sa suso, sa buto, leukemia, lupus, kahat na ketong. Ito ay mga kuwento nila, hindi ni Sister Raquel. Ang mga kuwentong nasa librong ito ay mga saksi nila.**

**Lumaganap ang kanyang tanyag parang apoy sa damuhang tuyo. Nagkaroon siya ng mga healing mission sa sampung bansa sa sumunod na apat na taon, Espana, Pranse, Taiwan, Thailand, Hongkong, Italia, Canada, Estados Unidos, Japan, at Inglaterra. Noong taong 1992, naglakbay siya ng tatlong buwan sa limang bansa. Ang pangalawa ang pangatlong paglakbay**

**niya ay noong 1993 at 1995. Ang mga Pilipino buhat sa California hanggang New York ay pumunta sa kanya.**

**Tinangay siya ng isang malaking bayo sa media, kinausap ng mga istasyon ng radyo at telebisyon at mga dyaryo. Libo-libong humingi ng tulong ang lumapit sa kanya. May mga nagmungkahing magkaroon siya ng sariling programa sa radyo, na hindi naman natuloy.**

**Pagkaraan ng ilang taon, ang bagyo ay naglaho, pinalitan ng katahimikan. Naging superyora si Sister Raquel ng Mother Ignacia Retreat House ng RVM sa Novaliches, Caloocan City. Kung minsan, may dumarating na nagpapagamot, ngunit wala ng bagyo at ang libo-libong katao.**

**Noong ika-walo ng Septyembr, taong 2000, sa kaarawan ng Birhen, isang artikulo na ginawa ng manunulat nitong libro ay lumabas sa Philippine Daily Inquirer. Ang pamagat ay You can see forever, o Tanaw mo ang walang hanngan, na ginawa na ring pamagat ng librong ito.**

**Pagkalabas ng artikulong yon, nag-umpisa na ang pangalawang bagyo sa buhay ni Sister. Katulad ng baha pagkaraan ng tuyot, marami uling pumunta kay Sister Raquel, ang iba buhat pa sa Davao at Taipei. Noong lumabas ang artikulo, walang hinto ang tawag sa telepono buong araw. Biglang dumating ang maraming katao sa tahimik na retreat house sa Novaliches.**

**Ang pakay ng librong ito ay hindi si Sister Raquel kundi ang kanyang paggagamot bilang kamay ng Panginoon. Ang kanyang mga kamay, gaya ng sabi niya, ay hindi kanya kundi pag-aari ng Panginoon. Ang librong ito ay mas tungkol sa Panginoon, ang tinatawag na hound of heaven, kaysa tungkol kay Sister Raquel. Ang Kanyang tinig ay umaalingawngaw sa desiyerto, sa kadiliman ng mga buhay, naghahanap ng mga kaluluwang ililigtas, mga kaluluwang nawawala sa desiyerto ng bagong cibilisasyon.**

**Ang librong ito ay pagtitipon ng mga artikulong lumabas na sa mga dyaryo tungkol sa mga healing ni Sister Raquel, at tungkol sa mga saksi ng mga nagamot niya. Karamihan ay ginawa ng manunulat ng libro, ngunit may ibang gawa ng iba. Idinagdag ng manunulat ang kanyang mga sariling tulang dasal at mga kinuhang larawan sa kanyang koleksyon.**

## Lamapara para sa ating Daan
## Ang Kasaysayan ni Mother Ignacia

sinulat ni Sister Maria Anicia Co, RVM

**Ang buto ng punong mulberry na binanggit ni Hesus sa Biblia ay talagang napakaliit, halos hindi mo ito makita. Dalawang siglo na ang nakalipas buhat noong 1732, nang itinanim ni Mother Ignacia del Espiritu Santo ang kapiranggot na butong ito, na ngayon ay isa nang higanteng puno na may mga sangang abot sa buong arkipelago ng Pilipinas.**

**Ang punong ito ay ang Religious of the Virgin Mary o RVM, na, sa pagsulat nito, ay may --- na miembro sa --- komunidad sa buong bansa.**

**Ang ilang mga pangunahing dokumentong mayroon tayo ngayon ay sapat na upang mabuo ang storya ni Mother Ignacia at ang kanyang itinayong komunidad ng mga madre.**

**Si Mother Ignacia ay ipinanganak noong panahon ng Kastila sa Pilipinas. Ang eksaktong petsa ng kanyang pagsilang ay hindi alam. Sinasabi ng dokumento na siya ay bininyagan noon ika-apat ng Marso ng taong 1663. Ito ay katugma sa sabi ni Pedro Murillo Velarde, na sumulat tungkol kay Mother Ignacia, na siya ay 21 taong gulang noon 1684. Si Ignacia ay nag-iisang anak ni Maria Jeronima, isang Pilipina, at ni Jusepe Iuco, isang intsik na galing sa Amoy, Tsina, na naging isang Katoliko noong 1652 at nagtira sa Binondo, Manila.**

**Nang si Ignacia ay 21 taong gulang na, nais ng mga magulang niyang mag-asawa na siya. Nais man niyang tumugon sa tawag ng kanyang puso, ngunit ayaw namang biguin ang hangad ng mga magulang, humingi siya ng payo kay Padre Paul Klein, S.J., isang Heswitang galing sa Bohemia na dumating sa Maynila noon 1682. Siya ay idinaan ni Padre Klein sa Spiritual Exercises ni San Ignacio, ang retreat ng mga Heswita nang pagdarasal at pagninilay. Pagkatapos ng panahong ito nang pagdarasal at pag-iisa, nagpasiya si Ignaciang manatili sa serbisyo ng Panginoon at mabuhay sa pawis ng kanyang sariling mukha. Umalis siya ng tahanan, dala lamang ay karayom at gunting. Nagtira siyang mag-isa sa bahay sa likod ng Jesuit College of Manila.**

**Naakit niya sa buhay na inilaan sa dasal at gawa ang ibang mga Pilipina na nakadama rin ng tawag ng buhay sa kumbento ngunit hindi matanggap sa iba. Tinanggap ni Mother Ignacia ang mga ito at isinilang ang unang komunidad ng mga madre. Tinawag silang Beatas de la Compania de Jesus (mga novice o nagsisikap magmadre sa kompanya ni Hesus), dahil sila ay nagmimisa at Kumunyon doon, at tinuturing nila ang mga pareng Heswita na kanilang mga tagapayo sa mga bagay na ispiritwal.**

**Ibinahagi ni Mother Ignacia ang kanyang buhay sa hirap na dinanas ni Hesus at sinikap niyang gayahin Siya sa pamamagitan ng pagsilbi sa kapwa at ng pagpapakumbaba. Siya ay humantong sa buhay ng pagdarasal at penitensya upang matamo ang daan patungo sa Panginoon. Ang kanyang pagsilbing mapagkumbaba ay nahantong sa kanyang pagpapatawad, sa**

**pagtanggap ng sariling kamalian, at sa mahinahong pagpuna ng kamalian ng iba. Ito ay nagbigay ng kapayapaan at ugnayan sa buong komunidad, pagmamahal sa isa't-isa at pagkaisang loob, isang saksi ng pagmamahal ni Kristo at ng Mahal na Birhen.**

**Ito ang nagbigay lakas sa mga beatas sa kanilang pagdurusa, lalo na sa panahon ng matinding karalitaan, nang sila ay napilitang mamalimos ng bigas at asin, at maghanap ng panggatong sa mga daanan. Ang mga beatas ay patuloy na nagsuporta sa kanilang sarili sa pamamagitan ng masinop na trabaho, at kung minsa'y nakatatanggap sila ng kaunting abuloy galing sa mga maka-Diyos. Sa lahat ng ito, hindi sila humintong magpasalamat sa Diyos at magtiwala sa Kaniyang pangangalaga.**

**Dumami ang mga beatas at nangailangan sila ng mga regulasyong magbibigay patnubay sa kanilang pamumuhay. Gumawa sila ng listahan ng mga gawain sa pang-araw-araw. Sinundan ni Mother Ignacia ang pamamaraang turo ni San Ignacio. Ang habilin niya sa mga beatas ay laging manatili sa harap ng Panginoon at magkaroon ng malinis na kalooban. Kinakailangan ang pagbibigay sa komunidad na nakalaan sa Mahal na Birhen. Ang diwa ng Mahal na Birhen ang naging inspirasyon sa lahat ng mga regulasyon na sinulat upang patnubayan ang mga beatas. Ang pamumuno ni Mother Ignacia ay binigyang sigla ng Mahal na Birhen. Sinikap ni Mother Ignacia na maging salamin ng Birheng Maria sa pagsunod sa daang papunta kay Hesus at hinikayat niya na gawin rin ito ng mga beatas.**

**Naisip ni Mother Ignacia na ang beaterio (kumbento ng mga beatas) ay nakahambing hindi lamang sa pagdarasal at pagpenitensya kundi sa pagsilbi sa iba. Tumanggap ang beaterio ng mga kabataang babae na tinuruan nila ng doktrinang Kristiano, at trabahong bagay sa kanila kakayan. Walang kulay o dugo sa paningin ni Mother Ignacia sa mga tao. Tinanggap niya ang mga Pilipina, mestisa, at purong Kastila bilang recogidas (miembro). Tumulong rin ang mga beatas sa mga retreat ng mga Heswita at sa paghahanda ng mga gustong dumaan sa Spiritual Exercises.**

**Ibinigay ni Mother Ignacia ang Konstitusyong 1726 ng beaterio sa mga opisyal ng archdiocese upang mapatibay ito. Nang mapatibayan ito noong 1732 ng Fiscal Provisor ng Maynila, nagbitiw si Mother Ignacia bilang superyora ng kumbento. Siya ay naging miembro na lamang hanggang siya ay mamatay noon ika-sampu ng Septyember, 1748. Dito nakita ni Murillo Velarde ang sukdulang pagpapakumbaba niya. Wala siyang nasang mag-utos at mangasiwa. Para kay Velarde, siya ay isang 'tunay na babaeng magiting' na nilutas lahat ng kahirapang dinanas ng komunidad buhat noon umpisa hanggang katapusan. Siya ay 'mapagpenitensya, tapat, relihiyoso, masinop upang matamo ang mga kaluluwa'.**

**Ilang buwan bago mamatay si Mother Ignacia, humiling ang Arsobispo ng katibayan ng hari para sa beaterio. Hindi na naabutan ni Mother Ignacia ang pasya ng haring Kastila, ngunit tinuruan siya ng mahabang pamumuhay sa beaterio na magtiwala sa pamamaraan ng Diyos. Hindi niya alam na ang binhi ng mulberry, ang beaterio, ay magiging isang higanteng puno ngayon, ang kongregasyong abot ang buong bansa, mahigit na dalawang daang taon**

**pagkatapos niyang mamatay. Kaya ang Religious of the Virgin Mary ay isang patibay sa kanyang pagiging katulong ng Panginoon sa pagbukas ng pinto ng pagmamadre ng mga babaeng Pilipina. Pinatunayan niyang ang Diyos ay Diyos ng mga tao, kahit anong kulay o dugo.**

**Ginarantiya noong 1755 ang proteksyon ng mga beatas, ngunit hindi kinilala ang beaterio bilang isang komunidad ng mga madre. Naging isa lamang itong asosasyon. Kahit na, tuloy pa rin ang mga beatas sa kanilang buhay para kay Hesus at Maria, na tapat sa diwa ni Mother Ignacia. Lalong sumama ang kanilang loob noon pinatalsik sa Pilipinas ang mga Heswita noong 1768. Nawalan sila ng patnubay. Ngunit tuloy pa rin ang suporta ng Arsobispo at ng ibang opisyal ng Simbahan. Sinunod pa rin nila ang patakaran ni Mother Ignacia na mabuhay sa sariling pawis at manatiling sumisilbi sa Panginoon sa pamamagitan ng edukasyon at retreat. Kahit na sumikap ang Gobernador Heneral na palitan ang pamumuhay ng beaterio, naging tapat ang mga beatas sa vision at kalooban ni Mother Ignacia. Kaya nila kinaya ang mga taon ng kadiliman.**

**Makikita sa paglaki ng beaterio na naging kongregasyon at sa kanilang tugon sa mga pangangailangan ng panahon, ang enerhiya at diwa ni Mother Ignacia. Ang kanyang lampara ay patuloy na nagbibigay ng ilaw ngayon, makikita sa sinop ng mga miyembro na tapat sa kanilang mga iba't-ibang misyong.**

**Ang kuwento ng paglaki ng beaterio ni Mother Ignacia ay patuloy pa rin, pinakikita ang walang katapusang sigla at lakas ng komunidad. Ang lamparang kanyang sinindihan ay patnubay ngayon sa daan ng mga madreng Pilipina. Patuloy ang pagkinang ng pananampalataya na hindi naglalaho ang liwanag. Pinakikita ng buhay nitong nilalang na Pilipina at ng bunga ng kanyang pananampalataya, ang malaking kabutihan ng Diyos. Nagtiwala si Mother Ignacia sa mapagmahal na pamamaraan ng Diyos at siya ay hindi nabigo.**

# *C*

## Testimonya ng mga gumaling

**Ang mga sulat dito ay galing sa email na natanggap ng healing ministry, o ipinakiusap sa mga gumaling na isulat. Ang mga ito ay nasa Inglis dahil ayaw naming palitan ang kanilang pamamaraang magpaliwanag ng kani-kanilang karanasan.**

---

**Aug. 28, 2002**

**I am LETICIA M. LOCSIN, 69 years old and the Executive Editor of *BusinessWorld*, an English-language business newspaper published daily in Manila, Philippines. I am also the Chief Operating Office of the publishing company.**

**I am writing this to give testimony to the wondrous things that have happened to me since I started going to the Mother Ignacia Healing Center in Bagumbong, Kalookan.**

**In December of 1999, I was diagnosed to have breast cancer and had to undergo a mastectomy of my left breast on Dec. 11 of that year. The pathological results showed that I had 'Stage 2 Ductal Carcinoma'.**

**Two weeks after surgery, my wound had not dried up, due in large part to my diabetes. Thus it was that on January 1, 2000, I had to undergo a second operation – for what was clinically termed as 'Scar Revision'.**

**On the afternoon that I was released from hospital, I was feeling very depressed. When I arrived home, I went directly to my bedroom and reclined on the sofa. I closed my eyes but I knew I was not asleep. It was more like coming out of anesthesia. Anyway, I saw in the mind of my eye (but clearly enough to be sure of a presence) the figure of Mother Ignacia – in her black habit, arms outstretched and telling me ever so gently that I should take heart, that she would always be there for me and intercede for my recovery.**

**I opened my eyes at once. Of course, she wasn't there, but a faint scent of dama de noche pervaded the room. I was later told by Sister Raquel Reodica that dama de noche is, indeed, the scent of Mother Ignacia as the nuns themselves have come to know through her constant "visitations."**

**Two days later, after I felt sufficiently recovered from my second surgery, I went to the Healing Center and told Sister Raquel of my vision. She took me away from the crowds to the Healing Fountain in the Sanctuary, where she asked me to drink a glassful of water from the fountain. She filled the glass again and pulled me to a seat. She asked to see my wound. Then, without warning, she poured the water from the glass on the wound. I was panicky: I thought that the wound would surely be**

**infected. Sister Raquel told me not to use anything to dry the wound but instead allow it to dry on its own.**

**I did as instructed and went to sleep that night with the wound area still damp. At about three in the morning, I was awakened by the feeling of floating on water. I felt my beddings: they were all wet. I called for my nursemaid and asked her to see what was the matter. She panicked and suggested that we go to hospital. Strangely enough, I was calm. I was feeling no pain in the area of the wound or anywhere else. And I was not running a fever.**

**Upon closer scrutiny, Menggay, my nursemaid, saw that water was oozing out of the wound, icy cold water. It was not bloody or yellow with pus. And it did not have a putrid smell.**

**I promised Menggay that we would go to hospital in the morning if the emissions would not stop. I had a fresh change of bedclothes and linens and went promptly to sleep.**

**Everything was dry in the morning; there was no need to go to hospital. Besides, I was scheduled to see my doctor two days later to have the wound dressed. When she peeled off the gauze covering the wound, Dr. Diana Cua, breast surgeon at the Makati Medical Center, was surprised. The wound was dry. She said the sutures could be removed in two days and I would then be referred to an oncologist for further treatment.**

**The oncologist, Dr. Priscilla B. Caguioa, of the St. Luke's Hospital staff, instructed me to go through four tests: (1) complete blood count, (2) an ultrasound examination of my liver, pancreas and gall bladder and (3) a bone scan, to include my kidney and (4) chest pa. Once again, I hastened to see Sister Raquel and asked her to pray that my tests would not bear negative results; and that, additionally, I would not have to undergo chemotherapy. Sister Raquel told me we were both going to ask the Lord for total healing, not bother Him with piecemeal requests.**

**On the roadside leaving the Healing Center, I noticed a sign which read Chuck Cheme. I do not know what their business was, but to me it could only mean a sign that God had heard our prayers. It meant I was to chuck or do away with chemo.**

**True enough, in a week's time the results were all in and I was declared free of recurrence or metastasis. I told Dr. Caguioa that the idea of chemo filled me with dread and she assured me that she would not prescribe the treatment for me since all the signs showed I could do without it. She prescribed *Tamoxifen* daily for five years and I have had a blood checkup every six months since then.**

**I feel in my heart that I have been cured of my cancer, that the Lord, through the intercession of the Virgin Mary and Mother Ignacia, has granted me total healing. I make it a point to go to the Healing Center every week to pray with and be prayed-over by the nuns there – Sister Raquel, Sister Gloria Ross and Sister Rosita Fernandez, in particular. Through them I have found serenity beyond my expectations. I have experienced a deep awakening of faith in God; and I am more aware of the sufferings of others,**

**especially those – and there are thousands of them – who frequent Mother Ignacia's Sanctuary for healing.**
**Letty Locsin**

---

**Dear Sister Raquel.**

**Praise the Goodness of the LORD!**

**Truly no one can predict GOD's mighty power. I myself had felt the healing hand of the LORD. Yesterday I received the document containing the directions to your place and the three published articles about you. Instead of reading it on the computer, my Tita Edna told me to print it because it was quite long, and so I did. Tita browsed through the articles but did not have the chance to read it because we were about to leave for the mall with my sister and cousin.**

**When I returned home, the first thing on my mind was to read the articles. So I rushed to the room but before reading it, I had first to massage my back because the pain was there again. And so, I finally got to read it. In the first few lines, I immediately felt shivers all over my body. Then after the Hail Mary, I read the lines:**

> **"HEALING IS BETWEEN THE LORD AND THE SICK. SISTER RAQUEL IS ONLY A BRIDGE. PREPARATION FOR HEALING MEANS SPIRITUAL CLEANSING, WHICH INCLUDES FORGIVING ALL WHO HAVE OFFENDED YOU, BEING SORRY FOR THE PAST SINS THAT HAVE OFFENDED THE SACRED HEART".**

**I felt the pain on my left thigh down to my toes. I paused and examined my heart and recalled the things and the people who have caused me pain in the past, and then in a loud voice, I said that I forgive them all! Then something "*nakakakilabot*" (strange) happened. I felt a strong pulse on the nerve on my left forehead, and my heart started pounding stronger by the minute. I felt the blood flowing through my left thigh, down to my toes.**

**Then the pain suddenly vanished. Tears started to flow from my eyes and I started crying. I was healed. The LORD touched me and took away the pain from my system. I continued reading, and, at the end of each testimony, I burst into tears and kept on thanking God for His goodness. After reading the last line, I decided to follow it up with a rosary as my thanksgiving for the miracle that I have experienced. It is really the 'miracle of the article'. God made use of the article so that I could be healed spiritually, and eventually physically! I thank you, Sister Raquel, for the prayers and the enlightenment you have brought to my life. Thank you again. May God continue to use you as His bridge to bring us back to Him.**

**We will attend your healing session together with my mom and Tita Edna this coming Wednesday. See you there! GOD BLESS YOU! Truly yours,**

**Ryan E.**

---

**A true story told to Sister Raquel**

**I had a tumor at the base of my skull. The pain was so excruciating beyond tolerance, as if a sledge hammer was pulverizing my brain. I could no longer see or read. I needed to be supported to walk. I am the only bread winner for my children. What will become of me, Lord? I came to the healing center the evening before the healing session. I slept in the nipa hut and prayed – Lord I leave it all up to you. My only request is i live day by day. I refuse to be operated. The risk is too great, yet there is a big chance I will become a vegetable. But I needed to be operated on, otherwise I would become blind forever. Lord, be my doctor and operate on me. I never lose hope on You, never – not in my deepest darkness. You are here with me.**

**Now, You have healed me totally instantly, Lord of the universe. You changed my darkness to blinding light. How can I begin to thank you. I feel no more pain Lord. You have made me whole once more. You have brought me close to You by making me sick. What power and gentleness You have. Why is it so easy to receive your healing grace? Who are You really? Your servant.**

---

**Dear Sister Raquel,**

**My sister Clarita has cancer in her neck. It has been there for the last ten years. We brought her to the doctors and she was treated with cobalt and chemotherapy. Her doctor gave her last chemotherapy a few months ago. *Lumalaki na ang kanyang bukol parang holen.* (Her lump is growing to the size of a marble.) Only a miracle can cure her. Last Sunday, I read in the Inquirer about you. I cut the article to let others read it.**

**Last night, *ang ginawa ng kapatid ko, nilagay niya sa leeg ang ginupit na section at nagdasal siya.* (my brother placed the cut article on the neck and prayed.) Amazingly, *kinabukasan, hindi na masakit ang kanyang leeg at medyo hindi na gaanong mapula ang bukol* (next day, the pain in her neck was gone and the lump was no longer reddish). *Laging umaasa* (always hoping),**
**Robert T.**

---

**My miraculous healing.**

**I, Yolanda S. Espedido, married to Antonio R. Espedido, testify that I was healed of Parkinson's disease and microaneurysm through the intercession of Mama Mary and Mother Ignacia del Espiritu Santo. I am a diabetic and, as such, Dr. Augusto D. Litonjua, who is my doctor, instructed me to consult an ophthalmologist for fundus evaluation for**

**hemorrhages and microaneurysms within the inferior vascular arcade. (In layman terms, a tiny bleeding in the eye.)**

**Based on the above instruction, I went to see and consulted Dr. Eunice Monica R. Batac on September 10, 2000. She made a thorough examination and submitted a report to Dr. Litonjua of her findings that I had sclerosis cataracts in both eyes. The dilated examination of the fundus showed microaneurysms and hemorrhages within the inferior arcade of the left eye.**

**Sometime in June 2001, my youngest sister, Filipinas S. Litonjua, who had cancer of the colon, mentioned the healing center of Mother Ignacia in Bagumbong, Novaliches, Caloocan City. Because of her condition, we decided to go to the healing center. There, we met Sister Ma. Rosita Fernandez, who interviewed us and listed our names in her record book. After the interview, she referred us to Sister Raquel, who gave us a wait-list number. She later prayed over us. Our concentration was on my sister Filipinas as she was then scheduled for operation. She was subsequently operated on July 3, 2001. However, I continued going to the Mother Ignacia Healing Center. I was prayed-over twice, July 7 and 14, 2001, by Sister Raquel. During that time, my two hands were shaking (due to Parkinson's disease). After every session with her, I felt at peace and relaxed. Sister Raquel taught me how to pray and on July 18$^{th}$, I noticed that the shaking of my hands stopped, and I could now use both of them. Thank you Lord!**

**On August 18, 2001, I was prayed-over again by Sister Raquel. I also had a one-on-one talk with Sister Rosita. It was a very enlightening talk, and I learned a lot from her. On August 25, 2001, Sister Gloria Ross prayed over me. Her prayers gave me so much peace and comfort. Then, on September 2, 2001, I consulted Dr. Batac, who again made some tests and a thorough examination of my eyes. After evaluating the results, she informed me that it was now clear and the microaneurysm and hemorrhage seen on two previous visits in my left eye had vanished.**

**I have many other ailments such as diabetes, bone tumor on my forehead, and varicose veins on my legs, which I believe and continue to pray, Jesus the Healer, through the intercession of Mama Mary and Mother Ignacia, will also heal.**

**Praise and thank you, Jesus, that you have healed me.**

**Yolanda S. Espedido**

---

**Excerpt from the letter of Dr. Batac to Dr. Augusto D. Litonjua**
**Internal Medicine – Endocrinology, Makati Medica Centre**
**6 September 2001**

**There was no note of hemorrhages or exudates. The microaneurysm / dot homorrhage seen along the inferior vascular arcade of the left eye on two previous visists was not noted at this time. Dr. Eunice Monica Batac, Healthway Medical Clinics, Alabang**

---

**18 October 2001**
**Dear Sister Raquel,**
**Good day. Greetings in the wonderful name of Jesus. Sister, I'm not taking my medicine. Instead, I just go to church and receive the body of Christ daily as my maintenance medicine, which now heals my brain tumor. Thanks and more power to your healing. God's love,**
**Regina Francisco**

---

**6 November 2001**
**Dear Sister Raquel,**
**My husband Ansel III has end stage renal disease and is therefore on dialysis three times a week. He also has polysystic liver. My main recourse nowadays is PRAYER. *Kung minsan nga Sister, pudpod na ang daliri ko at gasgas na ang dila ko sa kakadasal* (Sometimes my fingers and tongue grow numb from praying). I still have faith in Him that He will give my husband a new lease on life.**
**Ching Roman**

---

**22 October 2001**
**Dear Sister Raquel,**
**I have a lump in my throat. I take Chinese medicine and DXN Ganoderma mushroom capsules. I go daily to Holy Mass for Eucharistic healing. The handkerchief you blessed which Mides Buensalido gave to my Sister Teresita, I tie around my throat when I pray my rosary every morning. The lump is slowly getting smaller. I pray the lump will be completely gone and I will be totally healin in God's grace and mercy. God bless. Yours in Christ,**
**Antonio Sonido**

---

**May 1 2006**
**Dear Sister Raquel and Bernie,**
**Six months ago, I wrote you asking for prayers since I was diagnosed with cancer. Praise the Lord, the cancer cells have disappeared after chemotherapy. Thank you very much for your support and prayers. I know you sent out the request to your prayer warriors. Keep up the good work that you are doing. You are an instrument of God. Sincerely,**
**Marilyn Bengzon St-Pierre.**

---

**Hi Brother Bernie and Sister Raquel,**
**Gel here. Had received already the disc with gratefulness in my heart!**

**Brother I will try all the best I can to be also one of the instruments to have this circulated around. Please do pray for me as I have a big financial crisis right now. In as much as I wanted to fly there to place my wallet in the altar to help me pay all my debts off, my work won't allow me to. I do pray this email request will help me get through this crisis with the help of my faith. My favorite verse in the bible is "MARK 11:24: Whatsoever your heart desires, believe and never doubt in your heart that you will receive it and you will receive it". God bless you!**
**Gel Alo.**

---

**Dear Sister Raquel and Brother Bernie,**
**Good Day! First of all I would like to thank you for sending me a beautiful message through foodforthesoul. It helps me a lot and it is one of the things that change my life. Everytime I read it, I feel that I closer to the Lord. I hope that it helps others also the way it helps me. God Bless.**
**Ghie Melliza.**

---

**Dear Bernie and Sister Raquel,**

**I printed the literature you sent on your first message and we both read them. I could only tell you how helpful they are already. From what we learned from them, it seems that a spiritual healing from within ourselves should transpire before we can speak with Sr. Raquel. So in a way, it will give us time to prepare, especially my husband.**

**Personally, upon reading the testimonials, I was seized by some great emotion to rectify some relationships that were severed in the past. I immediately wrote down letters of reconcialition. It didn't matter who did what to whom or that most of them were not my own doing. What matters most is the humility to reach out and bridge the gap. Somehow, one have already responded favorably. My husband also had some reckoning of his own. Mostly pain from tragic and sad incidents that have marred his life. If its true what Sr. Raquel said that most sickness and diseases are borne out from psychological pain, then that must be the source of our illnesses, esp. my husband. From childhood he suffered from severe asthma. At the moment, he is having a major flare-up with his ulcerative colitis, along with it, serious complications. He lost both parents, separately, in tragic circumstances. We went through years of infertility and now our son has a fatal peanut allergy. Lots of curve balls, if I may say so. After more than a decade of marriage, it is only now that I learned that my husband has some "tampo" with Jesus. Anyways, thank you for the prayers and the testimonials you've sent us. If I may ask, may I share those with others? Thanks and God Bless!**
**Genevieve.**

**Bro. Bernie and Sr. Raquel,**

**Good day! This is to say Thank You to Our Father Almighty, to all the people who helped us pray for my dad and to Sister Raquel. If you recall, you said you've never known of anyone cured thru e-mail... well, I in behalf of my family would attest that even thru e-mail, thru the articles you've sent my dad is now on his way to recovery.**

**The day i received your messages was Thursday, the day before the scheduled operation of daddy. As you've instructed, let my dad read all the articles. But due to his condition, I just read it aloud, with the whole family holding hands...in a circle hand in hand.... dad and everybody listened as I read. A few hours after, the doctor called off the operation because of some abnormalities in his medical exam. Last minute the doctor decided to postpone the operation for Monday, 18th of November. My sisters and I felt somewhat happy... We don't know why...But later we figured it out that God had his purpose in postponing the operation. We believe so because that Thursday, dad was not in a good mood. He was sad, silent and in deep thought. I presume he was nervous too...... So...Friday, Saturday the articles were on his leg/hip that was to be operated...Amazingly, one early morning, my sister was surprised to see him sitting.of course with difficulty ..But that was a surprise because he was always lying in bed and would complain of the pain when he would sit....... Also since he had emphysema, he had a hard expectorating.... So I told my sister to put the articles on his chest... Again, the day before the operation, he was A okey....in high spirits and was ready to undergo the knife....Today, he's now in his regular room, recovering, trying to get back to normal... We know that it will take a longer time before he gets up and about...**

**But we believe that OUR FATHER, thru JESUS AND THRU THE INTERCESSIONS OF MAMA MARY AND SISTER RAQUEL, our prayers have been heard and that daddy will be home with us one of these days...Thank you Bro. Bernie... I know thank you is not enough but prayers are our only way of saying thank you....We hope one of these days, when everythings A okey, we could personnally go th SIster Raquel. God Bless.**
**Jojo A.**

---

**I believe that even if i couldn't go and visit sis. reodica i am being healed of my ailment with my esophagus. i am getting a second opinion as my acid reflux due to my dysfunctional esophagus is not getting better despite medication. if the esophagus gets eroded it could turn to cancer. but as i read your words today, i know, i believe i am healed. AMEN**
**Jin.**

---

**Sister Raquel and all the other gentle people of eastwind---chalking up four years of helping others, in your own fashion trying to alleviate the misery of the world, is a milestone, indeed.  maligayang bati sa inyong lahat! praise GOD, thank you all and Him!**

**Gloria**

# 1

## Tanaw mo ang walang hanggan

**Muling inilabas buhat sa Philippine Daily Inquirer**
**Ika-18 ng Septyembre 2000**

**Si Sister Raquel Reodica, RVM, ay isang kilalang healer ng malulubhang sakit. Siya ay isang madreng Katolico na naisulat ko na sa sa mga dyaryo nitong ilang taong nakaraan. Isang araw, siya ay tumawag sa akin at ikinuwento ito.**

**Isang hapon, nang siya ay nagpapahinga, bigla na lamang kumislap ang mga saksakan ng koryente sa buong bahay, at ang tunog ay parang kuwitis. Natakot si Sister Raquel, nagtataka kung may sira ang kuryente ng bahay. Ang bumbilya sa banyo ay patay-bukas at lalo pa siyang natakot. Ito ay nangyari nang mga dalawampung minuto.**

**Nang nawala na ang ingay at kislap, tumawag siya ng mag-aayos. Nagtaka siya nang sabihin ng electrician na wala raw problema. Lahat ng saksakan at bumbilya ay gumagana.**

**Pagkalipas ng ilang buwan, ikinuwento ni Sister Raquel ang nangyari sa isang siyentipiko. Sinabi niya na ang sanlibutan ay puno ng enerhiya o sigla na misteryo pa sa siyensya, ang tinatawag na cosmic energy na hindi alam kung saan galing. Sinabi ng siyentipiko na si Sister Raquel ay naging daan o tulay ng 'cosmic energy'. Ayon sa siyentipiko, ang kuryente ng bahay ay na-apekto dahil sa matinding enerhiyang dumapo kay Sister Raquel.**

**Hindi alam ni Sister na siya ang may kagagawan ng lahat ng yon. Alam niyang mayroon siyang kapangyarihang gumamot, gaya ng maraming may malubhang sakit na gumaling noon nakaraan, mga kanser na hindi na kayang gamutin ng mga ospital o doktor. Siya ay na-interview na sa telebisyon at radyo noong nakaraan. Ngunit hindi niya alam na kaya niya palang mapinsala ang kuryente ng bahay.**

**Maski ano ang dahilan, si Sister Raquel ay may kapangyarihang gumamot. Ang kanyang mga kamay ay mainit. Kung minsan, ang mga tao ay napapahiyaw sa init ng kanyang kamay habang si Sister ay nag-pray-over sa kanila.**

**Inilalaan ni Sister ang kanyang kapangyarihan o healing power sa Panginoon. Ang pagpapagaling ng may sakit, sabi niya, ay nasasa kanilang dalawa, ang ginagamot at ang Panginoon. Siya ay isa lamang tulay. Siya ay pinili ng Panginoon, gaya ng iba, na makatanggap ng healing energy.**

**Sabi ni Sister na dahil nga ang healing ay nasasa kanilang dalawa, ang may sakit ay kailangang maghandang tanggapin ang Panginoon o ang Kanyang healing energy sa pamamagitan ng kamay ni Sister. Ito ang dahilan kaya bago ang healing, si Sister ay nag-uumpisa muna ng mga kuwento at bilin upang ihanda ang kaluluwa sa Panginoon.**

**Pinaliliwanag ni Sister na ang paghahanda ay ang paglinis ng sariling loob, ng kaluluwa.**

**Kung tayo ay may suklam sa iba na may nagawang masama sa atin, tayo muna ay magpatawad bago magpa-heal. Kailangang alisin ang nasang maghiganti sa mga nakasama sa atin at gawin itong pagpatawad at pagmagandang loob. Kung nakalimutan na nating magmahal, alalahanin uli. Pagpapatawad, pagmamahal, at kagandahang loob - ito ang mga kailangan bago tayo ay papagalingin ng Panginoon, sabi ni Sister. Para kay Sister, ang teolohiya ng healing ay nakabaling sa pag-uugnay natin sa Panginoon. Hindi ito isang simpleng healing ng katawan. Kailangang magamot muna ang sakit ng kaluluwa bago sakit ng katawan.**

**Noong mga anim na taong nakaraan, si Sister ay nilapitan ng isang abogadang mga apatnapung gulang, kasama ng mga matatalik niyang kaibigan. Siya ay naging bingi na lang bigla nang walang makapagpaliwanag kung bakit.**

**"Kakausapin ko siya", sabi ni Sister.**

**"Papaano, e siya'y bingi?" tanong ng mga kaibigan.**

**Inulit ni Sister ang sabi niya, at natawa na lamang ang mga kaibigan dahil papaano nga naman niyang kakausapin ang bingi. Tinanong ni Sister kung ano ang pangalan ng abogadong babae. Sumagot agad ito at nasindak ang mga kaibigan. Ibig sabihin ay narinig niya at hindi na siya bingi. Nag-umpisa na silang lahat mag-iyakan. Nakiusap si Sister na iwanan silang dalawang makapag-usap ng masinsinan. Nagtanong si Sister ng mga personal na bagay at sumagot naman ang abogada.**

**Tinanong ni Sister kung paanong siyang nag-umpisang mabingi. Nagkuwento naman ang abogada na, sa kanyang trabaho bilang abogada, siya ay napaligiran ng maraming maiingay at makukulit. Sa inis niya, ayaw na niyang makinig sa mga ito. Sabi ni Sister na may mga taong gumagawa ng kanilang sariling sakit. Sinabi niyang baka ginawa niyang bingi ang sarili niya dahil ayaw na niyang makinig sa mga tao. Nang naisip ng abogada na ang kanyang kapusukan ang pinagmulan ng kanyang pagkabingi, siya ay humagulgol. Kung minsan, maari kang lagnatin kung iniisip mong ikaw nga ay lalagnatin. Ang isip ay kayang magdikta sa katawang magkasakit.**

**Sabi ni ni Sister Raquel, "Kapag ang puso mo ay mapagpala, matatanaw mo ang walang hanggan." Ang karunungan ay galing hindi sa utak kundi sa puso at kaluluwa, isang bagong pag-iisip.**

**Ito ay pinaliwanag ni Hesus sa ebanghelyo noong ika-tatlo ng Septiyembre, 2000. Sabi ni Hesus sa madlang nakikinig:**

*makinig kayong lahat sa akin*
*at unawain*
*walang bagay na pumapasok sa loob ng tao*
*na galing sa labas*
*ay kayang gawin siyang madungis*
*ang lumalabas sa kanyang kalooban*
*ang madungis at yon lamang*

*makinig kayo sa inyong naririnig,*
*galing sa inyong kalooban*
*ang masasamang hangad*
*pagnakaw, pagpatay, adulteriya, kasakiman, pagkukunwari, kayabangan*
*lahat ng ito ay galing sa kalooban*
*at dinudungisan ang kaluluwa*

**Mark 7:1-8a, 14-15, 21-23**

**Sa ating kalooban, may bagyong sumisira at kapayapaang gumagamot. Ang susi sa pagpagaling sa sakit ay nasa ating loob gaya na rin ng susi sa kasakitan sa katawan o sa kaluluwa. Tayo ay gagaling sa sakit kapag ang ating kaluluwa ay masakop ng enerhiyang galing sa labas. Ngunit ito ay matutupad lamang kapag handa ang ating kaloobang tanggapin ang Panginoon.**

# 2

## Ang Mensahe ng Kaligtasan

### Muling inilabas buhat sa Philippine Star

Dahil sa ang ekonomiya ng bansa ay patuloy nang bumabagsak at pahirap na nang pahirap ang buhay sa bawat araw, marami ang nakadarama ng pagkawalang pag-asa, kalungkutan, at galit. Marahil ay panahon nang tanawin natin ang ating kalooban upang maunawaan natin kung ano tayo at sino tayo, kung saan tayo at saan tayo patungo, bilang isang bayan at bilang isang tao.

Noong namuno si St. Joan of Arc sa paglusob ng hukbong Pranse laban sa mga Inglis, maraming namatay upang matamo ang kaligtasan laban sa mga sumakop sa kanila. Nang nakita niya ang libo-libong namatay upang matamo lamang ang tagumpay, hindi niya maisip ang biyaya ng kalayaan, kundi ang pagdurusa. Ngunit nakita niya na ang lahat ng yon ay pamamaraan ng Diyos.

Kung minsan, kailangan ang pagdurusa upang matamo ang pagsisisi. Ang pagdurusa ang tulay sa pagbabagong loob at pagbabalik sa Panginoon. Ang pamamaraan ng Panginoon ay iba sa isip nating pamamaraan Niya. Ang Kanyang pamamaraan ay misterio at kakaiba. Kung minsan, pinahihirapan Niya ang mga minamahal Niya dahil sa ganoong paraan lang mananatili silang tapat sa Kanya.

Sinasabi ng marami na si Sister Raquel ay may kapangyarihang gumamot ng may sakit. Maraming nagamot si Sister na sumuko na ang mga doktor.

Marami na lumapit kay Sister ay nakatamo ng kalayaan laban sa matinding paghihirap. Marami ang gumaling sa kanser, lupus. Marami ang hindi na nagpa-opera ng heart bypass. Ngunit sabi ni Sister Raquel, hindi siya ang manggagamot o healer. Isa lamang siyang kasangkapan ng Dakilang Manggagamot, ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Inang Maria. Sabi ni Sister na kailangan munang magamot ang ating kaluluwa bago magamot ang ating katawan.

May kuwento si Sister tungkol sa isang teenager na shabu addict. Isang araw, kamuntik na niyang mapatay ang kanyang ina dahil ayaw itong magbigay ng kuwartang pang-shabu. Nang makita ng mga magulang na kayang sirain ng bata ang buong pamilya, humingi sila ng tulong kay Sister Raquel na gamutin siya.

Sa mabilis na pagsisiyasat, kaagad nakita ni Sister Raquel ang problema. Ang problema ay hindi yong bata kundi yong mga magulang. Nagbuhos sila ng pagmamahal sa lahat ng anak maliban sa batang ito. Sa sakit ng pagtaboy sa kaniya ng pamilya, napilitan siyang magdroga.

**Sa mga salitang hindi nakakasakit, sinabi ni Sister sa mga magulang, na may kaya sa buhay, ang problema. Sila ay parang tinamaan ng kidlat. Nakita ng buong pamilya ang pagkukulang nila. Sila ang problema, hindi ang bata. Habang lumuluha, pinangako nilang lahat, magulang at mga ibang anak, na magpapalit na sila. Naging paglinis ng kaluluwa ang kanilang pagsisisi na kinakailangan bago magkaroon ng healing.**

**Kinabukasan, ang shabu adict na bata ay tumawag kay Sister Raquel upang magpasalamat. Bakit, ang tanong ni Sister. Sabi ng bata na siya ay magaling na. Bigla na lang nawala ang pagnanasa niya sa droga. Karaniwan, ang shabu addict ay kailangan ng mahabang at madugong pagtigil sa droga, mga ilang buwan o taon, ang tinatawag na rehabilitation. Kahit siya ay magaling na, maaring bumalik bigla uli sa droga.**

**Sinabi ng pamilya na tunay ngang nawala nang bigla ang pagnanasa ng bata sa droga, parang isang kamisetang hinubad.**

**Sinabi ni Sister Raquel na ang pagmamahal ng pamilya ang gumamot sa bata, hindi ang kanyang kapangyarihan. Ngunit namilit ang bata na ang paggamot o healing ay dumaan sa 'kamay' ni Sister.**

**May isa namang lumapit kay Sister Raquel na may anim na malubhang sakit, kasama na ang diabetes, hika, at kanser. Pumunta siya kay Sister Raquel at iniisip na gagaling lahat ng kanyang sakit kaagad-agad tulad ng mga iba.**

**Pagkaraan ng isa pagbisita, hindi siya gumaling. Wala siyang pasyenya at kulang marahil ang kanyang pananampalataya. Sabi niya na nawawala na raw ang kapangyarihan ni Sister dahil masyado siyang masalita at lumaki na ang ulo. Binintang niya ang hindi niya paggaling kay Sister, hindi sa kanyang sarili.**

**Totoo namang mahahaba ang mga kuwento ni Sister sa mga healing session upang ipakita ang halaga ng paggamot ng kaluluwa bago ng katawan. Totoo rin na kinuwento niyang marami na siyang napagaling, ngunit hindi sa pagyayabang kundi upang maintindihan ng mga may sakit na sila rin ay kayang gamutin ng kanilang pananampalataya.**

**Nakita niya ang alikabok sa mata ni Sister ngunit hindi niya nakita ang tabla sa sarili niyang mata. Marahil, hindi niya nalinisan ang kanyang kaluluwa na kailangan upang malinisan ang kanyang katawan.**

**Nang ikuwento ko kay Sister ang sinabi ng matanda, Sinabi ni Sister, "Hindi ako ang manggagamot. Siya ang manggagamot. Pinipili Niya kung sino ang gagamutin. Ako ay isang 'tulay' lamang ng paggagamot Niya. Ang pananampalataya ang nagpapagaling. Kaya si Sister Raquel ay laging nagdarasal, "Panginoon, ang aking kamay ay Iyong kamay."**

**Nagbibigay ba ang Panginoon ng sakit upang lumapit tayo sa Kanya upang magpagamot? Ang sakit ba ay isang pamamaraan upang akitin tayong lumapit sa Kanya? Bakit marami ang may sakit? Nang makita kong maraming pumupunta kay Sister Raquel, naghahanap ng ginhawa, napuna ko ang Kanyang pamamaraang gamitin ang sakit upang matamo natin ang kaligtasan. Bakit binibigyan Niya ng kapangyarihan ang mga tao gaya ni**

**Sister Raquel, tapos binibigyan Niya ng sakit ang marami upang maging mga 'pasyente' ni Sister?**

**Binigyan ng Panginoon si Padre Pio ng stigmata (mga sugat sa kamay gaya ng pagpako ni Hesus sa krus), isang paalaala ng Kanyang paghihirap. Nagpasalamat si Padre Pio na dahil dito ay ipinakita ng Panginoon ang pagmamahal Niya sa kanya. Madalas dumugo at sumakit ang stigmata ni Padre Pio. Tiniis niya ito ng halos dalawampung taon. Palala ng palala ang sakit hanggang hirap na hirap na siya. Ang pagdurusa ay isang uri ng pagdarasal, ng paglilinis ng kaluluwa, isang paghahanda upang matamo ang kalayaan sa pagkaalipin sa sala.**

**Ang hirap at dusa, gaya rin ng kagalakan at kapayapaan, madalas ay pamamaraan ng Panginoon upang akitin tayo papuntang langit. Kapag nararamdaman nating ang lungkot imbis na ligaya ng Pasko dahil tayo ay may sakit, hindi natin maintindihan ang pamamaraan ng Panginoon. Ang sakit ay ang pamamaraan Niyang sabihin sa atin na magbagong buhay na, magsisi na sa kasalanan, at magdasal na.**

**Maraming nagsasabi sa mga nagamot ni Sister Raquel na napakainit ng kanyang mga kamay pagdapo nito sa kanilang balat. Nagpapagaling ang Panginoon sa pamamagitan ng kamay ni Sister Raquel at dumadaan ang Kanyang enerhiya sa kamay niya.**

**Ang Teolohiya ng Kasakitan ang nangingibabaw sa ating isipan kapag tayo ay nagdurusa. At ang Teolohiya ng Pagmamahal ay ganoon din kapag tayo ay masaya. Kadalasan, ang kasayahan ang nagpapakalimot at ang kasakitan ang nagpapaalala na ang ating katawan ay maglalaho isang araw, na kahit mayaman tayo o tanyag o makapangyarihan, tayo ay magiging abo isang araw. Kung angkinin natin ang buong mundo ngunit nawala ang ating kaluluwa, ang ating mga pag-aari ay walang kabuluhan. Marami sa atin ay nagpapakamatay upang yumaman. Sa hirap paunlarin ng negosyo, tayo ay aatakihin lamang sa puso. Ang lahat ay aangkinin lamang ng ating mga anak at tayo ay maglalaho.**

**Napakahirap maunawaan ang mensahe ng Teoholiya ng Kasakitan. Mauunawaan lamang natin ito kapag tayo ay gumaling na at nakaraos na ang dusa.**

# 3

## Kausap ang Bundok at Hangin

Taong 1991. Pumutok ang Mt. Pinatubo, isang malaking kataklismong sinasabing pinakamalaki sa buong siglo. Nang umabot ang abo sa pinakamataas na bahagi ng langit, na tila isang putok nuklear na hugis kabuti, ikinalat ng isang malakas na bagyo ang abo sa buong daigdig.

Umulan ng abo sa Thailand at Indonesia. Ang itim na ulap ay kumalat hanggang sa bahaging Arktic at Antarktika. Sa Antarktika, nasira ang maraming taong pagsisiyasat tungkol sa global warming ng mga Amerikano. Lumamig ang temperatura ng buong daigdig dahil lamang sa isang 'maliit' na bulkan sa Pilipinas, sabi ng mga siyentipiko.

Pagkaraan ng ilang araw ng pagputok ng bulkan, ang mga siyentipiko ay nagbigay ng babala na may pangalawang putok pang darating. Tumaas ang temperatura sa mga butas sa lupa. Lumabas ang usok ng kumukulong tubig. Ang mga tao sa paanan ng bulkan ay naghanda muli para sa pangalawang putok.

Sa Maynila, ilang daang kilometro kalayo, nabasa ni Sister Raquel sa dyaryo ang babala. Pumunta siya sa kanilang maliit na kapilya at nagdasal nang buong araw. Hiniling niya sa Panginoon na iligtas ang mga tao sa pangalawang putok. Kinabukasan, nagulat ang mga siyentipiko na bigla na lang lumamig ang bulkan. Hindi na nagkaroon ng pangalawang putok.

Hindi natin matitiyak kung ang dasal nga ni Sister Raquel ang nagpahinto sa bulkan. Hindi natin ito malalaman kailan man. Ngunit kung iisipin natin na binigyan siya ng healing power, siguro naman tumulong ang dasal niya na ihinto ang pangalawang putok.

Pagkaraan ng ilang araw, natanggap ni Sister Raquel ang kanyang healing power. Hinarap niya ang buhay ng paggagamot ng mga may sakit. Sa umpisa pa lang, hinanap na siya ng mga dyaryo, telebisyon, at radyo. Noong Septyembre, nag-healing concert siya sa Araneta Coliseum para sa libo-libong katao. Pagkaraan ng ilang buwan, nag-healing mission si Sister sa Japan, Tsina, Estados Unidos, at iba pang bansa.

May isa pang kuwento tungkol sa pakikipag-usap ni Sister Raquel sa kalikasan. Isang araw, bumabagyo. Panay ang malakas na kidlat at kulog. Malakas ang hangin at ulan. Napakadilim kahit na katanghalian. Masama ang loob ni Sister Raquel dahil mayroon silang malaking healing session, at plano nilang magdiwang sa kaarawan ni Mother Aurea, isang kasama. Ngunit bahang-baha ang daan patungo sa healing center kung saan sila magkikita-kita sana. Daig pa yata ang baha noong panahon ni Noah, sabi ng mga madre.

Noong tanghali na, ang mga madre ay nagpuntahan sa kapilya dahil hindi nga makaalis dahil sa baha. Hiniling ni Sister Raquel na magdasal silang lahat. Sinabi niya nang dinig ng lahat, "Panginoon, may problema kami

**rito. Maraming darating upang magpagamot. At kaarawan ni Mother Aurea. Paano naman ito. Kulog at kidlat, inuutusan ko kayo sa ngalan ng Panginoon na huminto."**

**Parang tinutuya si Sister, lalo pang lumakas ang ulan at hangin. Lalo ring lumakas ang dasal ni Sister Raquel. Bigla na lamang huminto ang kulog at kidlat. Dahan-dahang huminto ang hangin at ulan.**

**Tuloy and dasal ni Sister, "Oy, araw, lumabas ka naman at patuyuin ang bahang daan. Alisin mo ang mga ulap at idapo ang init sa amin sa ngalan ng Panginoon. Panginoon, tulungan mo kami."**

**Narinig ng mga madre ang hiyaw ng mga tao na nasa ibang dako ng gusali, mga kursilistang hindi naman narinig ang dasal ni Sister. Sila ay humiyaw dahil sa biglang paglabas ng araw sa madilim na langit, kumikinang sa katanghalian. Natuloy ang healing at ang pagdiriwang.**

**Itong ganitong karanasan ng 'pakikipag-usap sa kalikasan' ay nangyari na kay Sister Raquel ng mga limang beses. Sa pangatlong kuwentong ito, ganoon rin kalakas ang hangin at ulan, isang bagyong kasinsama noon una. Ninenerbyos si Sister Raquel. Hindi niya alam kung kaya niyang bumalik sa Maynila buhat sa Davao kung saan siya nagkaroon ng healing session na hindi matapos-tapos.**

**Hindi niya maaaring hindi siputan sa gabing yoon ang mga taong kausap niya na nagpapagamot rin, dahil sila ay galing pa sa pagkalayo-layo. Sabi ng ibang madre, bukas na lang siya umalis. Ngunit namilit si Sister. Nakakahiya nga naman. Sabi ng ibang madre na mauunawaan nila yon. Kulang-kulang sa isang oras na lamang ang nalalabi sa pag-alis ng eroplano. Sabi ni Sister, magsisikap siyang habulin yon. Sinamahan ng ibang madre si Sister papuntang airport.**

**Maliban sa hangin at ulan, may trapik pang hindi gumagalaw. Lahat ay ninenerbiyos. Pinakiusapan ni Sister Raquel ang drayber na buksan ang bintana ng sasakyan. Nagtaka ang drayber dahil malakas ang ulan at papasok ang tubig sa loob. Tinanong niya bakit. Namilit si Sister at sinabing kailangan niyang makausap ang Panginoon at baka hindi siya marinig. Walang nagawa ang drayber at binuksan nga ang bintana.**

**Tumingala sa madilim na langit si Sister. Habang pumapatak ang ulan sa kanyang mukha, nagdasal siya nang dinig ng lahat, "Panginoon, kailangang kong bumalik sa Maynila dahil sa aking pangakong gamutin ang mga may sakit. Pakihinto naman itong bagyo, please Lord. Sa ngalan Mo, paandarin ang trapik, kahit na itong linya lang namin. Hindi naman sa nagdadamot ako. Ito ay para sa Iyo, hindi para sa akin, di ba?"**

**Biglang huminto ang hangin at ulan. Lumakad ang trapik ng mabilis, ngunit yung linya lang ng kanilang sasakyan. Lahat ng ibang linya hindi gumalaw. Takang-taka ang lahat. Umabot sila sa airport kahit na huli na. Tumakbo si Sister sa bigayan ng tiket, ngunit paalis na yung mamang nandoon. Sumigaw si Sister ngunit hindi narinig ng mama.**

**Nagdasal uli si Sister, "Lord, pabalikin mo siya please."**

**Habang nagdarasal siya, parang narinig ng mama ang kanyang dasal at biglang lumingon kay Sister, ngumiti at sinabi, "Sori, sister, wala ng upuan."**

**Sumagot si Sister, "E anong tawag mo riyan?"**

**Tinuro niya ang nag-iisang papel sa lalagyan ng mga tiket, sa upuang numero uno.**

**Napakamot ng ulo ang mama at takang-taka. Nakuha ni Sister ang tiket. Tumakbo siya nang mabilis at nakuha ang pinakamagandang upuan ng eroplano sa harap.**

**Sabi niya, "Lord, ako pala ang Iyong namber wan, at Ikaw rin naman ang aking namber wan."**

**Ang mensahe sa lahat ng mga kuwentong ito ay hindi ang kadakilaan ni Sister Raquel, na isa lamang utusan ng Panginoon, at alam ito ni Sister. Ang mensahe ay ang kadakilaan ng Maykapal, ang maylikha ng sanlibutan, kung sino ang may kapangyarihan sa mga bundok, bagyo, hangin at kalikasan.**

# 4

## Ang Kapangyarihan Laban sa Sakit

**Muling inilabas buhat sa Business World**
**Ika-18 ng Marso 1999**

**[Ang unang kuwentong ito ay inulit sa Chapter 11, na ang pamagat ay "Mabuti pang mamatay kaysa magpatawad"]**

**Nakapagpagaling si Sister Raquel Reodica, RVM, ng maraming iba't ibang uri ng sakit na wala nang pag-asang pagalingin ayon sa mga doktor. Nagpunta siya sa Japan sa isang healing mission at pinagkaguluhan ng marami. Siya ay inalok ng sariling niyang programa sa radyo at telebisyon.**

**Naikuwento minsan ni Sister ang tungkol sa isang babaing may kanser sa suso na humingi sa kanya ng tulong. Sabay silang nagdasal ng masinsinan. Relihiyosa ang babae at malakas ang pananampalataya. Pagkaraan ng ilang healing sessions, bumalik siya kay Sister at umangal na hindi pa siya gumagaling.**

**Tinanong ni Sister kung may mga problema siya. Nagbuhos ng loob ang babae. Nilapastangan siya ng kaniyang asawa at hindi niya mapatawad. Sinabi ni Sister na hindi siya gagaling hanggang hindi siya matutong magpatawad. Lumuluhang sinabi ng babaeng mahirap patawarin ang kanyang asawa dahil napakatindi ng kanyang kasalanan. Sinakop ang kanyang kaluluwa ng galit at poot.**

**Lumipas ang mga araw. Lumala ang kanser ng babae. Ngunit hindi siya makapagpatawad. Nagdasal siyang matutong magpatawad. Napakalakas talaga ang kapangyarihan ng pagsuklam. Madalas pinilit niyang sugpuin ang sugat sa kanyang puso ngunit ayaw itong gumaling.**

**Lumipas ang maraming buwan. Minsan, bigla na lamang siyang sumipot kay Sister Raquel. Sinabi niyang natuto na siyang magpatawad. Inilagay ni Sister ang kamay niya sa dibdib ng babae at habang sila ay nagdasal, pumatak ang mga luha ng babae. Sa loob lamang ng ilang araw, siya ay gumaling. Wala ng kanser at natunaw na ang mga bukol sa suso. Ngayon, siya ay isang masayang ina na.**

**May mga kailangan tuparin upang ang isa ay makatamo ng healing. Una ay pananampalataya. Alam ng lahat yon. Pangalawa ay kailangan malinis ang kalooban sa pag-ugnay ng tao at Diyos. Kailangan walang galit o higanti. Kailangan may pagpapatawad at pagmamahal ang puso.**

**Kadalasan, mahirap magpatawad. Kaya mo bang patawarin kaagad ang isang pumatay ng iyong nanay, kahit ikaw ay punung-puno ng suklam at lungkot? Napakahirap, hindi ba? Lalo na kung ang sugat ay napakalalim. Alam ng babae na kung hindi siya magpapatawad, siya ay mamatay ng kanser. Nagdasal siya araw araw sa Panginoon at humingi ng lakas magpatawad. Maraming buwan ang lumipas bago natutuhan niyang**

**magpatawad, ngunit nagawa niya. Ang kanyang gantimpala ay ang sarili niyang buhay.**

**Minsan, sa isang healing session ni Sister Raquel, naupo ang maraming tao. May mag-asawang may anak na maga ang ulo, at isang matandang lalaking hindi na makalakad. Marami sa may sakit ang sinamahan ng mga kamag-anak. Kami ay mga tatlummpung katao.**

**Marami kuwento si Sister tungkol sa mga taong gumaling dahil sa kanilang pananampalataya. Napakaiksi ng pray over o ang proseso ng healing, ngunit napakahaba ng preparasyon, ng pagbabagong loob na kinakailangan upang matamo ang healing.**

**Sa paligid ko, naramdaman ko sa mukha ng mga tao na sila ay masaya at walang alala. Napakadaling makipagusap sa iyong katabi. Parang matagal na kayong magkakilala. Tawanan sila sa mga jokes ni Sister. Hagikhikan dito at doon.**

**Dinala kaming lahat ni Sister sa isang pagkakaibang 'silid' na ang mga bintana at pinto ay malalaki. Hindi lahat makakapasok sa silid na ito, iyon lang mga malinis na ang kalooban. Ang 'silid' na yon ay hindi pangkatawan kundi pangkaluluwa.**

**Matagal bago nakapasok yung babaeng may kanser sa suso sa silid na ito, noon lamang napatawad na niya ang kanyang asawang sakim, isang bagay na napakahirap gawin.**

**Kinuwento ng isang paring taga Ireland na eksorsista na kapag inisip mo kahit isang sandali na ang kapangyarihang labanan ang demonyo ay iyo at hindi sa Maykapal, malaking peligro. Kayang maglaho agad-agad ng iyong kapangyarihan dahil inisip mong iyo yon. Hindi iyo yon. Kamay ka lamang ng Maykapal. Sa sandaling isipin mo iyon, maaring lumipat sa iyo ang demonyong sumakop sa iyong tinutulungan. Ang kapangyarihan laban sa demonyo, gaya ng sa paggamot ng may sakit, ay hindi nasa tao kundi sa Diyos. Ang tao ay isa lamang daan at kailangang huwag niyang isipin na ang kapangyarihan ay kanya. Sa sandaling gawin niya ito, biglang mawawala ang kapangyarihang yon.**

**Sa isang libro, may nakasulat tungkol sa healing: "Ang kapangyarihang magpagaling ng sakit ay galing sa Panginoon. Ang unang hakbang ay maniwala sa Kanya, upang ang kanyang kapangyarihan ay umagos sa iyong mga kamay, hanggang ang mga ito ay uminit at maramdaman ng mga may sakit. Kailangan pumasok ka sa loob ng kaluluwa ng iyong pinapagaling upang gamutin siya. Doon, makikita mo ang kanyang sakit, sakit ng kaluluwa o katawan. GAMUTIN MUNA ANG KALULUWA at madali nang gamutin ang katawan.**

**"Ang sakit ng kaluluwa ay galing sa inggit at kaswapangan, paghiganti at suklam. Kung minsan mas mahirap ang mga ito gamutin kaysa sa kanser o diabetes. Nakikita ng tunay na manggagamot ang buong daigdig at ang mga tala sa isang kaluluwa, kahit gaano kalubha ang sakit nito. Yon lang mapagkumbaba at mapayapa ang nagkakaroon ng kapangyarihang magpagaling ng sakit."**

**Kung minsan, ang kanser na wala ng lunas ay isang handog ng langit. Ito ay isang pamamaraan upang tayo ay lumapit sa Panginoon. Ang makapangyarihan ay magpapakumbaba at ang mayaman ay magpapakapulubi kapag naisip ang kamatayan dahil sa kanser. Ito ang pamamaraan dalin tayo ng Panginoon buhat sa kadiliman ng daigdig na puno ng biyayang materyal papunta sa ilaw ng Panginoon.**

**Isa itong paraan upang mauunawaan natin na dito sa ating magulong mundo, ang ating mga katawan ay may katapusan, at kayang mawala ang kapangyarihan at kayamanan sa isang saglit. Tayo ay nasa isang masikip na mundong kung saan naglalaho na ang kayamanang ispritwal dahil sa dami ng gawain sa araw araw upang mabuhay lamang. Kung minsan, tayo ay nagsisikuhan upang umunlad. Ngunit ang kayamanang ating kinukupkop sa taon-taong paghirap at pagkayod, ay siya naring magdadala ng kamatayan. Aanhin mo ang kayamanan kung ikaw ay mamatay na?**

# 5

## Pagtulong sa Daigdig ng may Sakit

**Muling inilabas buhat sa Business World**
**Ika-25 ng Marso 1999**

Ito ang pangalawang bahagi ng isinulat ko noong huling linggo hinggil sa mga healings ni Sister Raquel Reodica, RVM.

Mayroon siyang isang kuwento tungkol sa isang babaeng doktora, isang psychologist, si Anita (hindi niya tunay na pangalan). Si Anita ay may malalang eksema, isang sakit sa anit. Ito ay punong puno ng mga sugat na may nana na. Lahat ng pinakamahal na gamot nagamit na niya ngunit ayaw itong gumaling. Madalas, hindi siya makatulog sa gabi.

Nagtanong si Sister kung bakit. Natuklasan niya na ang problema pala ay isang 'makulit' na katulong sa bahay na lagi na lamang kinaiinisan ni Anita. Si Anita ay pihikan sa basong pinag-iinuman niya ng tubig. Gusto niya, ito ay laging bagong hugas bago kumain. Ilang ulit niyang sinabi ito sa katulong, ngunit nakakalimutan lagi hanggang halos maloka si Anita sa inis.

Sabi ni Sister na mabuti pang bumili si Anita ng isang dosenang baso imbis na palitan ang katulong. Sabi ni Sister na ang problema ay hindi nasa katulong kundi nasa paningin ni Anita.

Sabi niya, "Oo nga at may mga katulong na makukulit. Kaya nga sila katulong, at hindi executive sa bangko, di ba?"

Ang payo ni Sister kay Anita ay, kapag inulit ng katulong yong mali niya, ngumiti na lamang siya, isang tunay na ngiti at hindi pilit, at ulitin niya nang dahan-dahan at malumanay ang kailangang gawin, imbis na sumigaw. Kailangan lang ni Anitang tanggapin ang pagkatao ng katulong, kasama na ang kanyang kakulangan, na kailangang ulit-uliting paalalahanan. Nagpalit si Anita. At sa sandaling siya ay nagpalit ng paningin sa katulong, gumaling kaagad ang kanyang sakit. Tanggal ang ecsema. Natuyo lahat ng sugat niya sa anit. Papaano nating iuugnay and paggaling ng katawan sa pagpalit ng kaluluwa? Kung minsan, mahirap maunawaan.

Akala ni Anita ang healing ay isang simpleng bagay lamang na bigla na lang pagagalingin ng Panginoon ang sakit. Hindi niya naisip na ang healing ay may proseso, na mauna muna ang healing ng kaluluwa bago ng katawan. Kailangan ng paghahanda sa pamamagitan ng pagsisisi sa mga kasalanan, pagdarasal bago magamot ang katawan, pagbabagong loob.

Para kay Sister Raquel, ang healing ay hindi lamang ang pag-pray-over. Kung minsan, kailangan ng maraming oras na masinop na pagsisiyasat ng sariling loob upang malaman ang puno't dulo ng suliraning ispiritwal, gaya ng kaso ni Anita. Kailangan siyasatin ang kalooban at manampalataya. Ang paghahanda ay kayang abutin ng maraming buwan kahit na ang healing mismo ay ilang minuto lamang.

**Sa ating daigdig na paliit na nang paliit, na may kapangyarihang teknikal at ang hinanhanap ng karamihan ay ang makatamo ng mga bagay na materyal, ang unang naglalaho ay ang ispiritwal, ang pagtingin sa iba, kahit na sa ating ka-pamilya. Ang buhay natin kadalasan ay dinidiktahan ng trabaho at mga proyekto para lamang mabuhay. Dapat tayo ang magdikta sa proyekto. Ang pagkawala ng pagkamakatao ay isang prosesong bahagi lamang ng napakabilis na pag-unlad ng teknolohiya at paglaganap ng populasyon.**

**Kailangan nating bigyan ng init ang mundong unti-unti nang lumalamig sa kakulangan ng pagkamakatao. Ang sakit ay bunga ng sira-sirang pakikitungo ng pamilya sa isa't-isa. Binabale wala ang isang anak, sinisigawan ang 'makulit' na katulong na kailangan sabihan lagi na maghugas ng baso. Sabi ni Sister Raquel, sa dami ng kanyang tinutulungang may sakit, sa mahigit sa siyamnapung porsyento, ang problema na kailangan ng healing ay ang pakikipagtungo sa kapwa.**

**Ang pinakamahalagang bagay sa ating magulong mundo ay hindi mas marami pang kuwarta para sa ating lumalaking gastusin, ngunit kapayapaan ng kaluluwa na palayo na ng palayo. At ito ay sinisira ng maling pakikipagtungo sa kapwa. Sabi ni Sister Raquel, ang kapayapaan ng kaluluwa ay susi sa healing, na kung wala ito, wala nang lahat. Hindi nabibili ang kapayapaan, kahit na para sa mga mayayaman na kadalasan ay siyang maraming gulo sa isip at kalooban. Ang kapayapaan ay bunga ng maling ugali sa pagtingin sa sarili at sa kapwa, ang pakikipagtungo sa iba, kahit na yong pinaka-makulit at pinakanakakainis.**

**Minsan, sa isang malaking healing session na may mga walumpung katao, tinanong ni Sister Raquel kung sino-sino ang may mga problema dahil sa gulo ng kalooban at pakikipagbagay sa iba. Halos lahat nagtaas ng kamay.**

**Ang mayayamang mga Hapon ay umaangal na sila ay laging magulo ang kalooban dahil sa kanilang napaka-istriktong kultura at pamamaraan. Hangang-hanga sila sa Pilipino na lagi na lamang 'masaya kahit na mahirap', gaya ng sinulat ni Ernest Hemingway.**

**Ngunit, inggit rin ang mga Pilipino sa mga Hapon dahil sila ay mayayaman. Gusto pumunta ng Pilipino sa paraiso sa Japan na madali ang kuwarta. Gusto namang pumunta ng Hapon sa paraiso sa Pilipinas na masasaya ang mga tao. Bakit mas luntian ang damo sa bakuran ng iba? Bakit lagi na lang tayong nakukulangan sa kung ano ang mayroon tayo? Bakit binabale wala natin ang ating kayamanang ispiritwal? Bakit napakahirap matamo and kapayapaan ng kaluluwa dito sa ating magulong mundo?**

# 6

## Pagbabagong Diwa

Kakaiba ang ating panahon ngayon na puno ng mga nakakalitong pangyayari - ang mabilis na paglaki ng populasyon, ang hindi pa halos maunawaang kapangyarihan ng Internet, ang mabilis na pag-ubos at pagsira ng yamang kalikasan, ang maraming nawawalang hanapbuhay dahil sa recession o paghina ng negosyo. Ang panahon ay sumisikip at ang mundo ay lumiliit. Kailangan nating huminto sandali sa ating mga ginagawa, mag-isip, at magpanibagong diwa, dahil unti-unting sumesentro ang pag-iisip sa mundong materyal, kung dahil nga lang kailangang mabuhay sa sumisikip na kagubatan.

Batay sa pananampalatayang Katoliko, ang pagbabagong diwa ay ang pagbabalik sa mga bagay na binabale wala natin dahil tayo ay maraming ginagawa.

Tatlo sa pinakamahalagang debosyon ng Simbahang Katoliko ngayon na ugnay sa pagbabagong diwa ay 'nilulusob na' - ang banal na Misa, ang banal na Eukaristiya o Kumunyon, at ang Mahal na Birhen. Ang mga ito ay unti-unti nang naglalaho. Sinasalakay ito buhat sa loob at sa labas ng Simbahan. Sa loob, ang mga Katoliko mismo ang bumabalewala sa mga ito. Sa labas, hindi pinapansin o pinagtatawanan ang mga ito ng mga bagong sektong hindi Katoliko gaya ng mga born-again at charismatic.

Ang pag-ayo sa Misa ay kaugat sa pananampalataya. Ngunit maraming nagsasabi na hindi na nila kailangang mag-Misa dahil sila raw ay nagdadasal naman. Kung hindi ka nag-Mimisa, Katoliko ka lamang sa pangalan dahil ito ay sentro sa ating pagka-Katoliko. Marami diyan, dahil sila ay okupado sa paghahanapbuhay, ay tinakwil na ang Misa at wala nang panahong magsimba.

Ang pag-Kumunyon, na bahagi na rin ng Misa, ay binabale-wala na rin. Naiiba tayong mga Katoliko sa mga Protestante o mga di-Katolikong born-gain at charismatic dahil tayo ay may Kumunyon. Ang Kumunyon ay ang pakikipag-isa kay Hesus. Sabi ng iba, nakikipag-isa naman sila kay Hesus sa pamamagitan ng pagdarasal. Hindi na raw kailangang mag-Kumunyon. Ngunit ang dasal at Kumunyon ay magkaibang-magkaiba.

Ang mga sakramento ng Simbahan ay may dalawang aspeto. Una ay ang internal o ispiritwal, ang nasasa ating puso at kalooban. Pangalawa ay ang external o pisikal, ang mga bagay na nakikita at naririnig sa labas. Pareho itong mahalaga. Ang external ay ang tubig na gamit sa Binyag, ang asin sa Kumpil, at ang tinapay sa Kumunyon. Kung walang itong aspetong external, walang sakramento, sabi ng Simbahan. Kailangan maipakita sa mundong pisikal ang sacramento. Oo nga at mas mahalaga ang ispiritwal, ang aspetong internal, ang paghugas ng unang kasalanan o original sin sa

**Binyag, ang lakas na binibigay ng Espiritu Santo laban kay Satanas sa Kumpil, at ang pakikipag-isa kay Hesus sa Kumunyon.**

**Ang Kumunyon ay ibang-iba sa dasal, kahit gaano ito katindi. Ang Kumunyon ay isang sakramentong may mas malaking halagang ispiritwal. Ito ang tunay na pamamaraang makapiling si Hesus.**

**Ang isa pang debosyon na kakaiba sa mga Protestante at iba pang sekto ay ang pagdarasal sa Mahal na Birhen. Hindi binibigyang halaga ng mga Protestante at mga di-Katolikong born again at charismatic ang Mahal na Birhen. Hindi sila naniniwala sa Kumunyon at hindi sila naniniwalang dapat magdasal sa Birhen at mga Santo. Tinuturing ng Simbahang Katoliko ang Birhen na tulay kay Hesus, kaya tayo nagdarasal sa Birhen. Ngunit tinuturing ng mga Protestante at iba pang sekto na ito ay isang pagsamba sa isang diyos-diyosan, isang malaking kasalanan.**

**Dahil dito, nagkaroon na ng tinatawag ng iconoclasts, ang mga taong naninira ng mga imahen ng Birhen at mga Santo. Una silang lumabas noong panahon ng mga hari at reyna sa Europa o ang tinatawag na Middle Ages. Sinunog nila ang maraming imahen at kuwadro sa kabuuan ng Europa. Sila ay bumabalik na ngayon. May mga sektong di-Katolikong born again na naninira rin ng mga imahen, mga antigo sa Ilokos, mga di-pangkaraniwang imahen sa mga simbahan ng Metro Manila.**

**Dahil sa kahalagahan ng pagdasal sa Birhen upang maabot si Hesus, sinusundan ang Ama Namin ng Aba Ginoong Maria. Sa totoo, ang debosyon sa Mahal na Birhen ay isang gawaing tapat sa kulturang Pilipino. Di ba sa ating mga Pilipino, kung nais mong makausap ang mga taong matataas, hahanapin mo yung mga malapit o malakas sa kanila? Sa pamamagitan ng rosaryo, tayo ay 'malakas' sa Panginoon na hindi kayang tanggihan ang hiling ng Kanyang Ina.**

**Ang mahalaga sa mga di-Katolikong born again at charismatic ay ang mga aspetong external o panlabas - ang kantahan ng madla na may kasamang sayaw at pagtaas ng mga kamay o ang pagbibigay ng sermon ng isang pinunong magaling magsalita. Hindi naman masasama ang mga ito. Hindi naman natin sinasabing wala silang aspetong internal o pampuso. Ngunit kung minsan, sinisira ng aspetong panglabas and aspetong pangkalooban. Kung mahalaga ang kulay o itsura, naglalaho ang aspeto ng puso na sumesentro sa tunay na pananampalataya. Yan ang aral ng kuwento ng Biblia tungkol sa Pariseo. Ang pagsasapuso ng Misa at Kumunyon ang mahalaga sa ating pananampalataya, hindi ang mga kanta o sayaw o ritwal na aspeto lamang ng pagpapalabas.**

**Batay sa kasaysayan ng Simbahan, ang krisis at paninibagong diwa ay hindi bago sa atin. Ang Reformation o Repormasyon na inumpisahan ni Martin Luther noong itinayo niya ang sektong Protestantismo ay isang paghiwalay sa Simbahang Katoliko dahil na nga sa kakulangan ng Simbahan, ng mga obispo at kasama na rin ang Papa. Noong panahong yon, ang Simbahan ay may malaking krisis na nangangailangan ng pagbabagong diwa.**

**Kadalasan, kailangan ng krisis upang matamo ang pagbabagong diwa. Ginising ng Repormasyon ang Simbahang natutulog upang kumilos ito at magreporma, ayusin ang kakulangan. Ang mga Heswita ang namuno ng Counter Reformation o Kontra Repormasyon na nagbigay ng reporma sa mga kakulangan ng Simbahang Katoliko. Itinuwid nila ang mga pagtuturong inatake ng mga Protestante. Sinagot nila ang bawat protesta. Dahil dito, lumaganap ang Pilosopiya at Teolohiya ng Simbahang Katoliko.**

**Marahil ngayon, kailangan natin din ng isang bagong Kontra Repormasyon habang lumalaganap na ng mabilis ang mga sekto ng di-Katolikong born again at charismatic na gumagawa na naman ng panibagong Repormasyon gaya ng Protestantismo. Hinahanap-hanap nila ang aspetong panlabas, ang kulay na wala sa ritwal ng ating Misang nakakasawa o nakakainip na raw. Hindi nila kasi makita ang aspetong pampuso. Inuna nila ang aspetong panlabas, na maganda rin naman kung may aspetong panloob.**

**Ang pagbabagong diwa ay kailangan ding iwasan ang pagsasama ng mabuti at masama. Paano kang makapag-sisimba at Kumunyon kung sinisigawan mo ang katulong, nandadaya ka sa opisina, o nangangaliwa ka sa asawa? Nangyayari ito araw-araw. Sa labas, pinapakita ang pananampalataya ngunit sa loob, maraming kalokohang nangyayari.**

**Ang mahalaga sa pagbabagong diwa, itong bagong Kontra Repormasyon, ay hindi ang pagsasagawa ng mga bagong makulay na ritwal, mga magaganda at modernong kanta, o ang mga magagaling magsalita sa entablado. Kailangan isapuso ito. Kailangang bumalik sa umpisa, sa mga mahahalagang debosyon gaya ng Misa, Kumunyon at pagdasal sa Birhen. Ang diwa ay nasa puso, hindi sa ritwal o kanta**

# 7

## Ang Bulag na Magsasaka

### Muling inilabas sa Philippine Daily Inquirer

**Noong ika-apat ng Enero, 2001, may isang walumpung taong magsasaka na bumisita kay Sister Raquel sa Mother Ignacia Retreat House sa Novaliches. Humihingi siya ng tulong sa kanyang laganap ng katarata sa dalawang mata. Halos bulag na siya, nakakita lang ng mga ilaw-ilaw na walang porma.**

**Narinig niya ang tungkol kay Sister Raquel sa mga ibang nakabisita na sa kanya na nabasa ang artikulo sa Inquirer (kasama sa librong ito). Alam niyang mahirap ang biyahe dahil siya ay galing pa ng Bulakan, ngunit naisip niyang si Sister lang ang pag-asa sa kanyang pagdurusa. Nagpasama siya sa kanyang apo na teenager.**

**Pagdating niya kay Sister, sinabi ni Sister na magdasal siya nang naririnig niya. Sabi ng magsasaka, "Panginoon, ako ay isa lamang hamak na magsasaka, at hindi ko kayang magpa-opera ng katarata. Pakiusap po, pagalingin Niyo ako at gawin Niyo na ngayon dahil hindi ko kayang bumalik dito kay Sister na pagkalayo-layo. Kung kaya Niyo pong gamutin yung mamamatay ng kanser, mas madali pa po itong mas simpleng sakit ko. Ako po ay hirap na hirap na. Tanggalin lang ninyo ang kati at sakit, masaya na ako. Yon lang po, Panginoon. Amen."**

**Sabi ni Sister, "Bakit hindi mo pa lubusin ang hiling mo ibalik ang iyong paningin, e, nandiyan ka na rin lamang."**

**Sabi ng magsasaka, "Aba, oo nga, ano. Panginoon, kung kaya Niyo po rin, e di ibalik Niyo na rin po ang aking paningin."**

**Inilagay ni Sister Raquel ang kamay niya sa mata ng matanda at nagdasal na ibalik ang paningin niya. Kaagad-agad, tanggal ang kati at sakit. Dahil sa galak, tumulo ang luha ng magsasaka. Pati na ang kanyang apo ay umiyak rin sa galak. Siya ay napapuri sa kabaitan ng Panginoong. Pinunasan niya ang luha ngunit tuloy pa rin itong umagos. Hindi niya mapigil ang pag-luha.**

**Ibinalik ni Sister ang kanyang kamay sa mata ng matanda at sinabing magdasal uli, ngayon naman sa sarili niya lamang.**

**Nang alisin ni Sister Raquel ang kanyang kamay, ibinukas ng matanda ang kanyang mga luhaing mata at sinabi, " Papuri sa Panginoon. Sister, napakaganda pala ng iyong hardin. At ang iyong damuhan ay berdeng-berde sa sinag ng araw. At ang mga bulaklak ay napakaganda."**

**Kahit na si Sister nagulat sa napakabilis na paggaling ng matanda. Ikinuwento ni Sister pagkatapos na nakita niyang nawalang bigla ang katarata. Ito ay nilinis ng luha ng kagalakan at pagpuri kay Hesus. Nakinig ang Panginoon sa matanda dahil napakasimple ng kanyang dasal at napakalakas ng kanyang pananampalataya.**

## At ang Salita ay nagsakatawan

**Minsan, dumating kay Sister Raquel ang isang babaing mga apatnapung taong gulang na may kanser ng buto. Ito ay malala na at kumalat na ang kanser sa ibang parte ng katawan.**

**Nagdasal si Sister Raquel habang nag-pray-over sa babae, "Hoy, mga kanser, hinto na ang pagkalat niyo sa ngalan ng Panginoon. Layas at umalis kaagad."**

**Pagkaraan ng dalawang araw, nagulat ang mga doktor na tunay ngang huminto ang pagkalat ng kanser.**

**"At ang Salita ay nagsakatawan, at nanirahan kasama natin", sabi ni Sister Raquel.**

**"Dito natin makikita ang kapangyarihan ng 'Salita' nang utusan ko ang kanser na huwag nang kumalat sa ngalan ng Panginoon. Ang 'Salita' ng Panginoon ay sapat na upang gumalaw ang langit at lupa, yoon pa kayang kaliit-liit na kanser. Si Hesus ang 'Salita' at ang 'Salita' ay nandirito sa atin hanggang sa ngayon."**

**Nang napigil ang pagkalat ng kanser, unti-unti nang inalis ng mga doktor ito sa ilang mga operasyon at ang babae ay gumaling na.**

## Ang Sinag ng Panginoon

**Marami nang nagamot si Sister Raquel na kanser at lupus. Kaya niyang gumamot ng may sakit dahil binigyan ng Maykapal ang kanyang mga kamay ng 'sinag ng pangsanlibutan' o cosmic radiation. Marami sa ginamot ni Sister ang nagsabing napakainit ng kanyang mga kamay.**

**Sabi ni Sister na ang sinag na hawak niya ay kamukha rin ng sinag sa mga modernong ospital na ginagamit sa pag-gamot ng kanser. Ang kaibahan lang ay ang kanyang sinag ay galing sa Diyos ngunit ang sinag sa modernong ospital ay galing sa kalikasan at sa araw na nailagay sa isang makina. Pareho itong nakagagamot ng kanser ngunit mas magaling ang sinag ni Sister dahil ito ay galing sa Panginoon.**

**Minsan, ang isang siyentipikong may makinang sumusukat ng enerhiya ng kamay ay nakiusap na sukatin ang enerhiya sa kamay ni Sister. Pumayag siya. Inuna ng siyentipiko ang ibang tao bago si Sister. Sa puntos hanggang isang daan, yong enerhiya ng ibang tao ay mga lima hanggang labinlima. Ang sukat ni Sister ay animnapu kaagad at umakyat pa papuntang isang daan.**

**Ito ay hindi enerhiya ni Sister kundi ng Panginoon. Siya ay gamit lang ng pagmamahal at kapangyarihan ng Panginoon.**

# 8

## Mga Kuwento Tungkol sa Healing

Noong ikatlo ng Pebrero, 2001, may higit sa isang daang bisita si Sister Raquel na nais magpa-heal. Ang balita ng kanyang galing gumamot ng may sakit ay kumalat ng mabilis. Upang maidulot ang oras sa mga may sakit at hindi masira ang talaan ng retreat house kung saan superyora si Sister, itinakda niya ang Sabado na araw para sa may sakit.

Dalawang matandang babae ang dumating. Sa hitsura ng damit nila, naisip ni Sister na sila ay mahirap lamang. Lumapit sila kay Sister Raquel at hindi pinansin ang mahabang pila ng mga may sakit. Yung mas matanda na walumpung taong gulang ay bingi at bulag. Inakay siya ng kanyang kasama.

Sabi ng nag-aakay, "Ang dami naming narinig tungkol sa inyo, Sister. Sabi nila lahat maski sino ang pumunta sa inyo ay gumagaling. Marahil, nandirito sa inyong lugar ang Maykapal, kayat maraming gumagaling. Kayat nandirito kami upang gamutin mo kaagad-agad."

Sagot si Sister, " Hindi totoong lahat ay gumagaling kaagad-agad. Mayroon iba na kailangang bumalik ng tatlo o apat na beses sa ilang buwan bago sila gumaling. At mayroon ding hindi talaga gumagaling. Depende yon sa pananampalataya ng may sakit. Hindi naman ako ang gumagamot, tulay lang ako ng Panginoon."

Pinabayaan ni Sister Raquel ang dalawang mauna na. Pumayag na rin yung nasa pila dahil tuwang tuwa sila sa dalawang matanda. Nag-pray-over si Sister sa maandang bulag at bingi. Dalawang minuto pa lang ang dumaan nang humikbi na ang matanda. Tinanong ni Sister kung bakit.

Sumagot ang matanda, "E paano naman, nakakakita na akong bigla."

Naghiyawan ang mga tao sa tuwa. Kadalasan, ang instant healing ni Sister ay inaabot ng sampu hanggang tatlompung minuto. Ito ay inabot lamang ng dalawa. Kahit kay Sister, ito ay bihira.

Maaring napakalakas ng pananampalataya ng matanda. Ngunit ang tunay na pananampalataya ay simple lamang, sabi ni Sister, hindi nagtatanong, hindi nagdududa, malakas at buo.

Sumunod ang pangalawang matandang pitumputlimang taong gulang na may arthritis na ubod ng sakit.

Sabi niya, "Sister, hawakan mo lang sandali ang aking tuhod, okay na yon. Yan ang pinakamasakit na lugar."

Hinawakan ni Sister ang tuhod at noon din, nawala ang sakit. Hiyawan na naman ang mga tao. Mapangiyak-ngiyak ang dalawang umikot sa mahabang pila at sinabihan ang mga taong itatag ang kanilang pananampalataya at huwag magduda dahil nasa puso nila ang sikreto ng pagpapagaling. Sila na ang nagbigay ng sermon para kay Sister.

**Inubos ni Sister ang bawat isa sa mahabang pila. Inabot sila ng alas diyes ng gabi. Mahigit sa isang daan ang dumating noong araw na yon. Ngunit hindi napagod si Sister.**

**Sabi niya, "Binigyan ako ng lakas ni Lord. Ang pagpapagaling ng may sakit ay inuubos ang lakas ng healer dahil lumilipat ang enerhiya sa may sakit. Ngunit ngayon, hindi ako napagod. Binigyan ako ng lakas ng Panginoon."**

**Maraming nagamot si Sister noong araw na yon, ang unang Sabado ng buwan, araw ng Mahal na Birhen, araw ng paggaling ng may sakit. Marahil pinili ng Birhen ang araw na yon upang ipakita ang pagmamahal ng kanyang Anak sa mga taong nagdurusa.**

**Inimbita si Sister minsan ng isang obispo upang tulungan ang isa niyang kaibigang Muslim, isang VIP na may apat na karamdaman. Pumayag kaagad si Sister. Binigyan siya ng tarheta ng Muslim. Binasa ni Sister. 'Secretary General' nakasulat sa tarheta ng dayuhan. Sabi ni Sister sa sarili niya na ito ay marahil isang mataas na opisyal ng isang samahang mundo ng mga Muslim . Siya ay edukado at magaling magsalita ng Inglis.**

**Tinanong ng Muslim, "Bakit si Sister, bakit hindi ikaw, Obispo? Mas mataas ang katungkulang mo, di ba?"**

**Ngumiti ang obispo at sinabing, "Huwag mo akong tanungin. Si Hesus ang namimili kung kanino niya ibibigay ang kapangyarihang magpagaling ng sakit, hindi ako."**

**"Maupo po kayo, sir, at sumunod lang po sa aking sasabihin." sabi ni Sister Raquel, "Kailangan ipaliwanag kong hindi ako ang healer kundi si Hesus."**

**Ganito ang tuloy ng usapan, sa kuwento ni Sister: inulit niya, "Si Hesus ang healer, okay?"**

**"Hindi. Si Hesus ay isa lamang profeta, hindi Diyos. Si Allah lang ang Diyos."**

**"May problema po tayo rito. Si Hesus bilang Diyos ang gagamot po sa inyo."**

**"Gamutin mo na lang ako basta."**

**"Hindi ho puwede. Sabihin niyo po muna kay Hesus na hindi kayo naniniwalang Siya ang Diyos."**

**"Hindi ko maaring sabihin you."**

**"Kausapin niyo po Siya ngayon ng masinsinan. Sabihin niyo po ang gusto niyo dahil Siya ang gagamot sa inyo."**

**Nakita ni Sister Raquel na walang tutunguhan ang kanilang pag-uusap, kayat nagdasal na lamang siya ng dinig ng Muslim, "Panginoong Hesus, hindi po siya naniniwala na Kayo ay Diyos."**

**Sagot ang Muslim, "Huwag mong sabihin yan."**

**Tuloy si Sister, "Ngunit tulungan Niyo po rin siya kahit ganoon."**

**"Ganyan."**

**"Bahala po kayong dalawa ni Hesus."**

**Nang nilagay ni Sister ang mga kamay niya sa ibabaw ng Muslim, sabi niya, "Ang mga kamay na ito ay hindi akin. Kay Hesus po ang mga ito."**

**Pagkaraan ng pray-over, nawalang bigla ang sakit sa likod ng Muslim. Bago noon, halos hindi siya makalakad ng tuwid. Ngayon, kaya na niyang lumakad ng mabilis. Gulat siya sa pangyayari.**

**"Ang galing Ni Hesus." sabi ni Sister.**

**"Hindi. Ikaw ang magaling, Sister."**

**"At si Hesus."**

**"Sister, bigyan mo ako ng konting panahon. Buhat ng ako ay bata, tinuro sa akin na si Allah lamang ang Diyos. Hindi ko kayang palitan yon ng biglaan, di ba?"**

**Lumabas sila sa hardin na may estatwa ng Mahal na Birhen. Sabi ni Sister Raquel, "Ito po si Mary, ang Nanay ni Hesus."**

**"Alam ko."**

**"At dahil si Hesus ay Diyos, tinatawag namin Siyang Ina ng Diyos."**

**"Hindi. Hindi puwede. Walang ina ang Diyos. Sister, pakiusap, bigyan mo ako ng panahon. Huwag mo akong lituhin."**

**Ang pakay ni Sister ay huwag pilitin ang isang hindi Kristyano na maniwala. Ganoon lang ang paraan niyang ipaalam na ang kanyang kapangyarihan gumamot ay hindi kanya kundi sa Panginoon. Ang kuwentong ito ay nagsasabing ang Panginoon ay gumagamot rin na mga hindi Kristiano. Gumaling ang Muslim dahil sa pananampalataya niya kay Allah, na siya na ring Diyos ni Sister Raquel. Walang debate sa pananampalataya, kundi ugnayan.**

# 9

## Pagsayaw para kay Mama Mary

### Muling inilabas buhat sa Business World

Yong gabing yon ay kakaiba. Tinawagan ako ni Sister Raquel, isang tanyag na healer, at ikinuwento niya ang tungkol sa isang ballerina. Habang nagkukuwento, nakaamoy siya ng bulaklak ng mabangong dama de noche. Nakakapagtaka dahil walang ganoong halaman sa kanyang tinitirhan. Masama ang loob ko dahil hindi ko naman naamoy ang bulaklak sa kabilang linya ng telepono. Tinuloy niya ang kuwento.

Si Catherine Li, na anak ng isang Pilipinang ina at Intsik na ama, ang pangunahing ballerina ng Ballet Theater Philippines noong 1991. Nag-umpisa siyang mag-ballet noong siya ay nasa ika-apat na baitang sa elementarya. Ngayon, sa labingwalong taong gulang, siya ay may asawa na, isang tanyag na ballerino rin na galing sa Russia.

Noong ilang buwang nakaraan, naaksidente si Catherine. Habang pababa siya ng hagdanan sa entablado, hindi siya nasalo ng kanyang kapareha sa sayaw habang siya ay naka-split (pag-bukang matindi ng mga binti sa ballet). Napakasama ng pagbagsak niya na nabali ang kanyang balakang. Sinabi ng mga ekspertong doktor sa buto na hindi na niya kayang mag-ballet o mag-split sa buong buhay niya. Hindi siya nawalan ng pag-asa. Pumunta siya sa mga dayuhang bansa upang konsultahin ang iba pang mas magagaling na eksperto. Gayon din ang sabi nila. Sa isang kisap-mata, naglaho ang kanyang pinakamamahal sa buhay, ang magsayaw.

Nang narinig niya ang tungkol kay Sister Raquel, agad niyang hinanap ito. Dumating siya ng alas otso ng gabi sa napakalayong retreat house ni Sister sa Novaliches. Pagod na pagod na noon si Sister. Sinabi niya kay Catherine na bumalik na lamang sa ibang araw. Mayroong takdang araw para sa healing sessions. Hindi kaya ni Sister na gumamot nang kahit anong oras.

Nagmakaawa si Catherine. Hindi natiis ni Sister ang luha niya. Pumayag siya at sinabing kalahating oras lang. Hindi niya alam na yon lang ang kailangan na oras. Kaagad-agad, noong gabing yon mismo, sinubukan ni Catherine na magsayaw sa harap ni Sister. Kayang-kaya niya, kahit na walang tugtog. Hiniling ni Sister Raquel na magsayaw si Catherine para kay Mama Mary sa isang malaking healing session na gaganapin sa Araneta Colisiem pagkaraan ng tatlong linggo. Paano namang matatanggihan ni Catherine ang Mama Mary na siyang nagbalik ng kanyang pagsayaw? Kinabukasan, nag-ensayo si Catherine sa harap ng kanyang mga magulang na hindi makapaniwala.

Kinuwento ni Catherine na, noong siya ay nawalan na ng pag-asa, may nagsabi sa kanyang siya ay makapagsasayaw pa uli. Hindi siya

**naniwala dahil lahat na ng doktor sa buto sa buong mundo ay sinabing hindi na nga siya makapagsasayaw. At hindi na ito maibabalik. Ngunit yong mga salita na ring yon ang nag-udyok sa kanyang pumunta kay Sister Raquel. Naramdaman niya na magkakatotoo ang mga sinabing yon nang narinig niya ang tungkol kay Sister Raquel.**

**At nagsayaw na nga si Catherine sa Araneta Coliseum na punong-puno ng tao. Naubos ang mga tiket. Parang kulog ang kanilang palakpak para kay Catherine. Bumalik na rin ang pinakamamahal niya sa buhay, ang ipahayag sa iba ang kanyang katawan at kaluluwa sa pamamagitan ng sayaw.**

**Ang kapangyarihang gumamot ng sakit ay para sa lahat ng tao, magsasaka o manager. Tinuturing ng Panginoon ang lahat na pare-pareho, mayaman o mahirap, edukado o hindi, artista o abogado, maganda o pangit.**

## Ang Ala-ala ng mga Bulaklak

**Habang tumindi ang amoy ng dama de noche, hindi mahinto ang kuwento ni Sister Raquel sa telepono. Para siyang machine gun, tuloy-tuloy ang kuwento, hinahabol ng tinta ng aking pluma.**

**Nandoon si Angelita noong taong 1992, isang paralitikong hindi na magalaw ang dalawang binti. Pagkaraan ng isang taong nagpa-heal kay Sister, siya ay nakalakad na. Ngayon, mayroon na siyang isang anak. Kinuwento niya ang paggaling niya sa isang programa sa GMA7. Sabi ni Sister, "Anghel, tumaas ka sa kariktan."**

**Nandoon si Raul Tangco noong taong 1993. Mayroon siyang tumor sa utak. Noong gumaling siya sa kamay ni Sister, nagdala siya noong kaarawan ni Sister ng cake na kasing laki ng kanyang pagpapasalamat. Sabi ni Sister, "Papuri sa ngalan ni Hesus."**

**Nandoon si Susan Dorado, asawa ng isang konsul sa Africa, na may kanser sa suso. Natuyo ang buong kanser at ang kanyang anim na doktor ay nagulat lahat. Sabi ni Sister, "Isigaw ang ngalan ng Diyos sa ibabaw ng mga bundok."**

**Bumalik ba ang mga kuwento sa isip ni Sister dahil sa bango ng bulaklak? HIndi mapigilan si Sister magsalita.**

**Nandoon si Steve Osmena, kapatid ni Sergio III. Mayroon siyang apat na malalalang sakit. Siya ay gumaling rin. Sabi ni Sister, "Panginoon, Ikaw ay nasa aking puso hanggang magpakailanman."**

**Nandoon ang isang Cebuanong dati ay isang 'komunista', kahit man ano ang ibig sabihin noon. Nang magamot ni Sister ang kanyang tuberculosis, nagtrabaho siya para sa obispo. Sabi ni Sister, "Susundan ko Kayo muli, o Panginoon."**

**Kahit na si Sister mismo ay na-heal sa sakit ng sarili niyang dasal. Sabi niya, "Ilagay mo ako sa ilalim ng iyong pakpak, o Panginoon."**

## Himala o Haka-haka?

**Dalawang doktor ang dumating kay Sister Raquel. Ang anak noong isa ay may epilepsy. Gaya ng lahat ng kuwento ni Sister, siya ay gumaling sa healing ni Sister. Nakikipag-usap ang dalawang doktor kay Sister.**

**Sabi ng doktor na may anak na dating epileptic, "Sister, posible kayang ang anak ko ay gumaling dahil sa sarili niyang pag-isip na gagaling nga siya dahil sa mungkahi mo?"**

**Nagalit yung pangalawang doktor, "Ano ba yan. Kaya mong sabihin yan pagkatapos kang tulungan ni Sister?' Bakit, kaya mo bang gumamot ng pasyente sa mungkahi lamang?"**

**Inunahan na ni Sister ang doktor, "Teka, teka. Okay lang yon. Hindi kailangan ang debate. Ang important ay gumaling ang anak mo. Hindi na importante kung dahil ito sa mungkahi o dahil sa Panginoon, di ba?"**

**Sabi ng unang doktor, "Posible pa rin ang mungkahi."**

**Sumagot yong pangalawang doktor, "Depende. Dapat mataas ang pagtingin ng pasyente doon sa nagmungkahi."**

**Gusto ni Sister matigil na ang debate ng dalawang siyentipiko. Sabi niya, "Hindi nga importante kung sino ang nagpagaling. Pati na ang utak na nakikinig sa mungkahi ay bigay ng Diyos. Kung mungkahi nga ang nagpagaling, yoon ay minarapat ng Diyos. Yon ang mahalaga, na ang Diyos ay kayang gumawa ng paraan, kahit na sa mungkahi, di ba?"**

**Hindi makasagot ang unang doktor. Naayos na ang debate. Ang Panginoon ay gumagamot sa kahit anong paraan, kadalasan nga sa natural at hindi sa himala. Yong mahina ang pananampalataya, nakikita lang nila ang natural, hindi ang kamay ng Panginoon. Mahirap maunawaan ng isang mahina ang pananampalataya ang pamamaraan ng Diyos, na kadalasan ibang-iba sa ating pamamaraan.**

# 10

**'Mabuti pang mamatay kaysa magpatawad.'**

**[Itong unang kuwento ay inulit sa Chapter 4, na ang pamagat ay 'Ang Kapangyarihan Laban sa Sakit']**

**'Mabuti pang mamatay kaysa magpatawad.' Ito ang sabi ni Rica (hindi tunay na pangalan) na may laganap na kanser sa suso na kumakalat na sa buong katawan. Nabasa niya sa dyaryo ang tungkol sa isang healer na gumagamot ng ibat-ibang klaseng sakit gaya ng lupus o kanser. Nagpasya siyang bisitahin si Sister Raquel.**

**Malakas ang kanyang kutob na magagamot siya ni Sister. Malakas ang kanyang pananampalataya. Relihiyoso siya, nagmimisa araw-araw, at madalas magdasal. Ngunit pagkaraan ng unang bisita, walang nangyari. Tumawag siya kay Sister at sinabing lumalala ang kanyang sakit.**

**Sinabi ni Sister Raquel na kailangang mapayapa ang kaluluwa bago magamot ang katawan. At ang kinakailangan dito ay pagpapatawad. Naramdaman ni Sister na yun na nga ang problema. Tinanong ni Sister kung may gumagambala sa kanya. Agad niyang sinagot na may malaking kasalanan ang kanyang asawang hindi niya mapatawad.**

**"Kailangan magpatawad ka kung hangad mong gumaling." sabi ni Sister.**

**Biglang sagot ni Rica, "Mabuti pang mamatay kaysa magpatawad."**

**Ganoon katindi ang suklam niya sa asawa. Umuwi si Rica na umiiyak dahil hindi niya kayang patawarin ang kanyang asawa. Marahil, napakabigat talaga ng kasalanan ni mister, kayat mahirap patawarin.**

**Pagkaraan ng isang buwan, tumawag muli si Rica kay Sister upang sabihing kumalat na ang kanser sa kanyang atay at gulugod at utak. Umiiyak siya dahil siya ay mamatay na dahil hindi niya kayang magpatawad. Ngunit mas nangibabaw pa rin ang suklam sa takot mamatay.**

**Dalawang buwan ang dumaan. Tumawag uling bigla si Rica kay Sister at sinabing, pagkaraan ng maraming buwan, natutuhan na niyang patawarin ang kanyang asawa. Sabi niyang handa na siyang magpa-heal muli.**

**Bumisita siya kay Sister na nag-pray over sa kanya. Parang first communion niya. Nang siya ay biglang gumaling, tumulo ang luha nang walang man lamang hikbi. Lumiit ang bukol sa suso at hindi na kumalat. Pagkaraan pa ng ilang buwan, wala na siyang kanser. Ang pagpapatawad ay gumagamot hindi lang ng kaluluwa kundi ng katawan.**

**Ang pagpapatawad ay lubos at makapangyarihan, ngunit isa ito sa pinakamahirap gawin sa mundo natin ngayon.**

**Si Gerald Cruz (hindi niya tunay na pangalan) ay isang doktor na mayaman. Mayroon silang clan war o away ng mga pamilya laban sa mga de Guzman. Ang kanilang mga ninuno ay nagpapatayan nitong huling**

**isang daang taon. Ang pagkasuklam nila sa isa't-isa ay napakatindi, na alam ni Sarah, ang anak ni Gerald na apat na taong gulang, kung sino ang pumatay kanino, at kung papaano yong madugong mga ambus. Sa sampung taong gulang, kaya niyang sabihin ng mabilis ang mga pumatay at pinatay at ang mga kuwentong nakakasindak.**

**Hindi maubos-maisip ang bagyo sa kalooban ni Gerald, ang pagkawala ng tatay niya at mga kapatid sa ibat-ibang mga ambus. Naghalo ang takot sa suklam. Yoon ang naramdaman ni Gerald noong ang kanyang bunsong kapatid ay bulagta sa kanyang sariling dugo sa kanilang iisang silid tulugan.**

**Dumaan ang panahon. Si Sarah ay lumaking isang maganda dalaga na labingwalong taong gulang. Siya ay bata, inosente, parang isang papel na walang sulat na handang sulatan ng mga makikisig na binatilyong nanliligaw sa kanya.**

**Si Cris de Guzman naman ay isang mayamang negosyanteng naglalako ng gulay. Siya rin ay maraming sugat. Pinatay ng isang Cruz ang nanay niya nitong dumaang taon. Laging bumabalik sa isip niya ang nanay niyang binaril at subsob ang mukha sa putik sa may palengke.**

**Nakita ng anak ni Cris na si Steve, kagulang ni Sarah, ang pagpatay sa kanyang ina. Tulalang-tulala siya na hindi niya kayang umiyak. Hindi siya makapagsalita ng tatlong buwan, nakatunganga lang at nakatitig sa pader.**

**Si Sarah at Steve ay mga mabubuting anak. Hindi mo makikita ang bahid ng pagdurusa nila dahil sa isang daang taong away ng pamilya, ang kultura ng paghihiganti at pagkasuklam. Sa labas, sila ay simbolo ng kabataan, matatag, masiyahin, matalino, mahilig sumubok ng mga bagong bagay, laging hinahanap ang kaduluduluhan ng kakayahan. Ngunit hindi sila mapaghiganti. Ang kanilang isang paa ay nakayapak sa daigdig ng kabataan, sa eskuwela at sumunod sa trabaho. At ang isa namang paa ay nakayapak sa daigdig ng pamilya, nakababad sa kultura ng away at paghihiganti.**

**At nangyari na nga ang nangyari sa kabataan. Nagkakilala si Steve at Sarah sa isang party at sa isang saglit ay napusuan ang isa't-isa. Ni hindi nila alam na sila pala ay matinding 'magkaaway'. Ang alam lang nila ay mahal nila ang isa't-isa.**

**At nangyari na rin ang kailangang mangyari. Nalaman nila na sila pala ay 'magkaaway', isang Cruz at isang de Guzman na parang langis at tubig, na dinikta ng kanilang angkan. Ikinuwento ni Sarah kung papaanong pinatay ng tiyo ni Cris ang kanyang tatay. Ikinuwento rin ni Cris kung papaanong pinatay ng lolo ni Sarah ang kanyang nanay.**

**Bigla silang nagtinginan, ngumiti, at nagyakapan. Binalewala nila sa kanilang pagmamahalan ang suklam ng isang siglo ng paghihiganti at kasuklaman.**

**Isang araw, binaril si Steve ng isang karibal kay Sarah. Dinala ni Sarah ang duguang Steve sa kanilang bahay upang magpatulong sa kanyang tatay na doktor. Ngunit nang makita ni Gerald si Steve, lumabas**

**lahat ng kasuklaman niya sa pamilya ng de Guzman. Kahit na bayaran siya ng isang milyong piso, hindi niya kayang tulungan ang kinasusuklamang kaaway.**

**Umiiyak na nagmakaawa ang mahal niyang anak na si Sarah. Doble ang sugat ni Cris. Una ay pinatay na ang kanyang angkan. Ngayon naman ay ninakaw ng kalaban ang pinakamamahal niya sa buhay.**

**Nagbanta si Sarah na magpakamatay kung hindi gagamutin ng tatay niya ang naghihingalong kasintahan. Parang kuwento ni Romeo at Juliet, ano? Paano tatanggihan ni Cris ang pinakamamahal niyang anak? Hindi niya gagawin yon para sa isang milyong piso ngunit gagawin niya para kay Sarah na pinakamamahal niya. Tiniis na gamutin ni Gerald ang kanyang kinamumuhian para lang sa anak, isang bagay na mahirap gawin.**

**Dumating si Cris, ang tatay ni Steve, upang kunin ang kanyang duguang anak. At doon, ang dalawang magkaaway ay nagtitigan. Gusto ni Gerald kumuha ng patalim at patayin si Cris. Nang sila ay nagtititigan, ang napakaikling saglit ay parang walang hanggan. Nakita nilang dalawa ang suklam at dahas ng isang daang taon sa isang saglit.**

**Ngumiti si Cris at alinlangang nagpasalamat na niligtas ni Gerald ang kanyang anak. Naglaho ang isang daang taong pagsuklam sa isang ngiti at alinlangang pasasalamat. Ang pagpapatawad ay makapangyarihan dahil ito ay galing sa pagmamahal. Binuwag ng pagmamahal ang pagsusuklam, pagmamahal ng ama sa anak, pagpapatawad ng ama sa nagligtas sa kanyang anak. Ang isang daang taong paghihiganti at karahasan ay nahinto ng mga pusong nagmamahal sa kanikanilang mga anak.**

# 11

## Pag-asa sa Oras ng Gipit

**Si Joanna ay isang maganda at masiglang Pinay na stewardess sa SaudiAir. Kapag siya ay ngumiti sa mga daan-daang mga Overseas Contract Workers o OCWs na palipad ng Middle East, buo na ang araw nila. Siya ay isang rosas na basa ng hamog sa sinag ng araw sa umaga para sa mga pasaherong tinitiis ang trabaho sa ibang bansa upang masuporta ang pamilya.**

**Isang araw, parang kidlat, biglang naglaho sa kanyang mukha ang ngiting puno ng liwanag ng araw. Siya ay nagkaroon ng kanser sa suso. Sa mabilis na panahon, naging asul ang kanyang mga suso at naging sintigas ng bakal. Lahat ng doktor ay nagkaisa. Siya ay mamamatay sa loob ng isang taon. Ang kanser ay kumalat na sa buong katawan. Nakalbo na siya dahil sa chemotherapy. Huminto na siya sa trabaho. Makikita sa kanyang mukha hindi lang ang naglahong ngiti kundi ang malalim na kasuklaman sa mundong malupit na ninakaw ang kanyang kabataan at ganda. Nagmukha siyang isang payat na matanda.**

**Nang nabasa niya sa dyaryo ang tungkol kay Sister Raquel, bumisita siya kaagad. Pagkaraan ng ilang healing sessions, walang nangyari. Ngunit hindi siya nawalan ng pag-asa. Nilabanan niya ang pagkawalang pag-asa na unti-unting sumasakop sa kanyang utak. Nagdasal siya sa oras ng matinding gipit. Tinuloy pa rin niya ang pagpunta kay Sister. Napansin ng marami na pumupunta kay Sister na bigla na lang nawala si Joanna. Iniisip nila kung ano na ang nangyari sa kaniya.**

**Isang Sabado, sa gitna ng healing session, bigla na lamang dumating si Joanna, katulad ng bukang liwayway. Bumalik ang kulay ng kanyang pisngi. Bumalik ang ngiting hinangaan ng marami na parang ilaw sa dilim. Gulat ang lahat. Sabi ng marami ay panibagong buhay raw ni Joanna yoon. Oo nga at matagal niyang nilabanan ang pagkawalang pag-asa ngunit nanalo siya. Niligtas siya ng sariling niyang pananampalataya.**

**Si Virgie naman, mga tatlongpung taong gulang, ay nagpa-opera ng gulugod. Nagkamali ang doktor. Siya ay lumala at naging paralitikong nakatali sa wheelchair na hiniram niya lamang dahil wala siyang kuwartang pambili. Binigyan siya ng doktor ng dalawang bigkis, isa sa taas at isa sa baba ng kanyang likod. Yung sa itaas, sabi ng doktor, ay pang habang buhay na. Yung sa ibaba, matagal pa bago aalisin. Gabi-gabi, hirap siya dahil kailangang alisin ang mga bigkis bago matulog.**

**Gaya ng kaso ni Joanna, lahat ng doktor na rin ang mga nagbigay ng pagkawalang pag-asa. Hindi natin sila masisi dahil kailangan sabihin nila ang katotohanan sa pasyente. Sabi nila, hindi na talaga maaring tanggalin ang bigkis sa taas.**

**Nabasa ni Virgie ang tungkol kay Sister Raquel sa dyaryo, at pinuntahan ito. Gaya rin ni Joanna, pagkaraan ng tatlong mahirap na biyahe sa daang matindi ang trapik, wala ring nangyari. Nawalan na ng pagasa ang asawa ni Virgie, pati na ang mga kamag-anak. Ngunit buo ang loob ni Virgie. Ang kanyang pananampalataya ay parang isang batong di kayang buwagin basta-basta. Dahil hindi na naniniwala ang asawa niyang may bisa ang healing, pinakiusapan niya na lang ang kapatid ni Virgie na samahan siya papunta kay Sister.**

**Sa ika-apat na bisita, sinabi ni Sister Raquel kay Virgie na huwag mawalan ng pag-asa at siya ay may iba pang kaibang doktor, si Hesus.**

**"Kay Hesus tayo kakapit," sabi ni Sister. Umoo si Virgie. Sinabi ni Sister na magsikap siyang lumakad kahit ano ang mangyari. Sinunod niya ang payo ni Sister. Naniwala siyang kaya niyang maglakad mag-isa. Ayaw na ayaw niyang magpatulong sa iba kapag naglalakad.**

**Sa ikalimang bisita, hindi na niya dinala ang kanyang hiram na wheelchair dahil kailangan nang isoli ito. Tatlong buwan na ang nakaraan buhat noong una niyang bisita. Ngayon, kaya na niyang maglakad ngunit may katulong. Wala na siyang bigkis sa ibaba ng likod. Kaya na rin niyang maupo nang isang buong oras ng healing session, isang bagay na hindi niya kayang gawin dati.**

**Noong ika-labing-anim ng Hunyo, sa ika-anim at pinakahuling bisita niya kay Sister buhat ng mag-usap kami ni Sister sa telepono, dumating si Virgie, kasama ng asawa niya na naglakas-loob lamang dahil napahiya siya sa kakulangan ng tiwala sa Diyos. Lahat sila ay nakangiti. Yung bigkis niya sa itaas ng likod, na sinabi ng mga doktor ay panghabang-buhay na, ay wala na. Naglakad siya ng walang katulong. Lahat ay nagpalakpakan. Gumalaw siya ng pakaliwa at pakanan upang ipakita sa lahat na wala ng sakit. Tinanong ng mga doktor kung sino itong si Sister Raquel at kung saan siya matatagpuan.**

**May pangalawang sakit si Virgie. Dahil nga sa pagkaparalitiko, hindi niya mapigilan ang umihi, kayat mayroon siyang dala-dalang tubong papunta sa isang supot para sa ihi. Naaalala ni Sister na laging puno ang supot pagkatapos ng healing session noong mga una niyang pagbisita. Sa ika-anim na bisita, wala na yung supot. Ang Panginoon ay nagbibigay ng dusa at Siya rin ang nag-aalis, upang mapalapit tayo sa Kanya. Ang sakit at pagdurusa ay daan papunta sa Kanya. Ang kailangan lamang ay pananampalataya at pag-aasa, at lakas ng diwang sumikap at makita ang kinang ng ilaw sa dilim na maaring biglang maging nakabubulag na liwanag.**

**Itong dalawang kasaysayan ay mga kuwento ng pag-asa sa gitna ng matindi gipit, ng ilaw sa gitna ng dilim. Madalas, nais lamang ng Panginoon subukan ang ating tiwala sa Kanya. Hindi dumarating ang paggaling sa kasakitan kaagad-agad. Hinihintay Niya muna ang ating dasal at tiwala bago Niya tayo tulungan. May oras ng paglilinis ng kaluluwa na kailangan bago tayo matulungan. Mahirap magkaroon ng pagasa kung bumisita ka na nang tatlo o apat na beses, tapos wala pang nangyayari. Madalas,**

**hinihintay natin ang biglang ilaw ng kidlat ngunit ang dumarating ay ang unti-unting ilaw ng bukang liwayway. Madalas, wala tayong pasyensya. Ang oras ng Panginoon ay iba sa ating oras.**

**Kung minsan, ang paggaling ay hindi lubos. Ang ilong ng isang may ketong na ginamot ni Sister ay may natirang kaunti. Isang batang anim na taong gulang na may butas sa puso buhat ng pinanganak ay napagaling ni Sister, ngunit hindi nagsara ang butas nang lubusan. Marami ang gustong magtanong sa Panginoon bakit. Malamang, ito ang paraan Niya upang hindi tayo mawalan ng pag-asa. Sabi ni Sister Raquel, marahil may kulang pa sa ating dapat gawin upang magamot, gaya ng pakikipagsunduan sa isang naging kaaway o kalaban, o isang kakulangang ispiritwal na dapat munang ayusin.**

**Kahit na ano ang isipin natin, ang pamamaraan Niya ay iba sa ating pamamamamaraan. Mayroon Siyang paraan upang ang ating dinadaanan ay liliko papunta sa Kanya. Hinahanap Niya ang mga kaluluwang gumagapang sa desyerto o naliligaw sa madilim na gubat.**

# 12

## Dusa at Galak

### Muling inilabas sa Philippine Daily Inquirer
### Ika-8 ng Septyembre 2001

**Si Emerito ay isang abogadong tiga Batangas na may mga apatnapung taong gulang. Siya ay napakabata pa para mamatay. Siya ay matangkad, pogi, at malakas. Ang kanyang dalawang bato ay naghihingalo na. Mayroon din siyang ulser at high blood pressure.**

**Dalawa lang ang lulutas sa problema ni Emerito: dialysis araw-araw o transplant o paglipat ng batong galing sa ibang tao. Isa lang ang maaring i-transplant. Yung kabilang bato ay pababayaan na lang mamatay. Kaya pa ring mabuhay ni Emerito sa isang batong hiram. Ngunit hindi kayang bayaran ni Emerito ang transplant o dialysis. Sabi ng tatlong doktor, hindi na kayang ibalik ang mga bato niya sa normal.**

**Noong ika-walo ng Septyembre, taong 2000, ang kaarawang millenyo ng Mahal na Birhen, habang siya ay nagdurusa, nabasa ni Emerito sa Inquirer ang artikulong 'Tanaw ang walang hanggan' na kasama sa librong ito. Lumundag ang kanyang puso sa galak. Ang artikulo ay tungkol kay Sister Raquel, isang madreng Katoliko na marami nang napagaling sa sakit buhat pa noong taong 1991. Hindi na binitawan ni Emerito ang dyaryo at dali-daling dinala sa pagbisita kay Sister Raquel.**

**Nagdasal ng malakas si Emerito, "Panginoon, Ikaw lang ang aking pag-asa sa pamamagitan ng kamay ni Sister Raquel."**

**Sumagot naman si Sister, "Magtiwala sa Panginoon, Emerito. Ibigay mo nang lubos ang iyong sarili at ang iyong sakit kay Hesus."**

**Tatlong buwang tuloy-tuloy ang bisita ni Emerito kay Sister. Nag-uumpisa ng mainis si Sister dahil wala na siyang pahinga. Bigla na lang dumarating si Emerito kahit anong araw at oras. Ngunit alam ni Sister na hindi niya matatanggihan ang may sakit na si Emerito.**

**Tatlong buwang muling nawala si Emerito at hindi nagpakita kay Sister. Isang araw, bigla na lang siyang dumating. Ang kanyang ngiti ay kasing lapad ng kanyang galak. Binigyan niya si Sister ng victory sign. Normal na ang kanyang dalawang bato. Ang kanyang creatinin (pag-base ng sakit sa bato) ay bumagsak buhat sa higit na tatlo pababa sa isa at kalahati. Hindi na kailangan ang transplant o dialysis. Tanggal rin ang kanyang ulser at high blood pressure. Gulat ang tatlong doktor na ang hindi na maibabalik na bato niya ay naibalik. Gusto rin nilang makilala itong sister na ito. Kaya't natapos rin ang biyahe ni Emerito buhat sa dusa papuntang galak, isang biyaheng pababa hanggang lupa at pataas hanggang langit.**

**Si Chinchin ay isang apat na buwang sanggol noong mauna ko siyang makita. Dinala siya ng nanay niyang si Ellen buhat pa sa pagkalayo-layong San Pedro, Laguna. Yung unang anak ni Ellen ay namatay sa loob ng matres ng hypoxia o pagkakulang sa hangin dahil laging na lang may iniisip na mabigat si Ellen. Ayaw niyang sabihin kung ano ito.**

**Ang biyaheng patungo kay Sister ay tatlo at kalahating oras. Si Chinchin, ang kanyang pangalawang anak, ay may butas sa puso at 'baliktad' ito buhat pa noon ipinanganak. Hindi ko maunawaan kung anong ibig sabihin noon. Kapag inatake si Chinchin, kadalasan dalawa o tatlong beses isang araw, siya ay halos hindi makahinga dahil sa kakulangan ng hangin sa baga, at ang kutis niya ay nagiging asul. Ang isang atake ay tatlo hanggang apat na minuto. Ang kanyang mga ugat patungong baga ay maliliit. Sabi ng doktor kailangan operahan kaagad-agad. Lalagyan siya ng panibagong mga ugat. Ngunit hindi kaya ni Ellen bayaran ang operasyon. Kaya't pumunta siya kay Sister Raquel nang mabasa rin ang artikulo sa dyaryo.**

**Si Chinchin ay isang batang masaya kahit na siya ay nagdurusa. Siya ay nagkakaroon ng matinding pagsinok ng sampung minuto mahigit kung siya ay tatawa lang ng bahagya. Papaanong ang kaunting pagsaya ay ugat ng pagdurusa? Sobra-sobra siya kung magpawis, kayat kulang ang dalawang electric fan. Konting iyak lang at siya ay nagpapawis na ng labis. Minsan isang hating gabi, inatake siya ng higit na sampung minuto. Naging asul ang kanyang mga kuko at paa. Maga lagi ang kanyang mata sa puyat. Napakabata pa niya, ngunit natamo na niya ang matinding pagdurusa.**

**Bago nag-pray-over si Sister kay Chinchin, siya ay tulog magdamag. Pagkatapos ng pray-over, ngumiti na siya at tumingin sa mga tao sa paligid. Ito ay isang nakakagulat na instant healing.**

**Nakunan ko sa aking video camera si Chinchin bago, habang, at pagkatapos ng pray over. Nang ilagay ni Sister ang kanyang kamay sa dibdib ni Chinchin, ito ay nagising at umiling, para bagang naabot ni Sister ang kanyang puso sa loob ng dibdib. Tinanong ko sa mga kaibigan sa ABS-CBN kung nais nilang ipakita sa telebisyon ang napakaiksi ngunit napakahalagang pangyayari yon. Ngunit may patakaran silang hindi gumagamit ng kuha ng tiga-labas, yon lamang gawa ng kanilang sariling cameraman. [GMA7, interesado ba kayo?] Marahil makapaghihintay ito kapag nakakuha na ng pondo upang gumawa ng isang maiksing dokumentaryo na pinaplano naming gawin.**

**[Pagkatapos lumabas ang artikulong ito sa dyraryo, tumawag agad sa akin ang ABS-CBN. Ipinalabas nila sa Magandang Gabi Bayan si Sister Raquel noong ika-labinlima ng Septyember. Nagsabi rin ang GMA7 na interesado silang ipalabas si Sister Raquel sa telebisyon pagkaraan ng ilang buwan.]**

**Tumawag ako kay Ellen pagkaraan ng isang linggo. Sabi niya si Chinchin daw ay nagkaroon ng dalawang atake lamang buhat nang kami ay magkita. Buhat sa tatlo o apat bawat araw, ang atake ay naging dalawa bawat linggo. At ang isang atake ay hindi na tatlo hanggang apat na minuto**

**kundi kalahating minuto na lamang. Instant healing na nga. Ganoon na lamang ang galak ni Ellen.**

**Umaangal si Sister Raquel na hindi na raw bumabalik ang mga kanyang napagaling na hiniling niyang magbigay ng testimonya ng kanilang paggaling. Hindi si Emerito o Chinchin ang tinutukoy dito. Isa lamang sa sampung may ketong na ginamot ni Hesus ang bumalik sa Kanya. Gayon din ang nangyayari ngayon, pagkatapos ng dalawang libong taon. May oras ang may sakit upang magpagamot, ngunit wala na silang oras kapag magaling na.**

**Nag-iba na lahat para kay Sister Raquel noong lumabas ang unang artikulong sinulat ko sa Philippine Daily Inquirer. Walang tigil ang telepono. Yung ibang tawag galing ng Cebu, Davao, at mayroon pang galing Taipei. Buhat noong kaarawang millenyo ng Mahal na Birhen sa ika-walo ng Septyembre, 2000, ang buhay ay nagpalit na nang labis para kay Sister Raquel. Naging magulo at abalang-abala ang dating tahimik na retreat house kung saan superyora si Sister. Lalo na kung Sabado, ang takdang araw ng healing session. Kung minsan, naglalamay sila hanggang alas diyes hanggang hating gabi.**

**Ang petsa ng ika-walo ng Septyembre ay naging isang di-pangkaraniwang araw para kay Sister Raquel. Nag-umpisa siyang gumamot ng mga tao noong 1991. Noong ika-walo ng Septyembre 1991, dumalo ang labinlimang libo sa isang malaking healing session sa Araneta Coliseum. Bago ito, may isang tanyag na ballerina na nabali ang balakang noong hindi siya nasalo ng kanyang kasama sa sayaw. Sabi ng kalahating dosenang mga doktor (kayang-kaya niyang bayaran ang mga ito) hindi na siya makapagsasayaw sa buyong buhay niya. Ngunit nagsayaw siya para kay Sister Raquel noong kaarawan ni Mama Mary sa Araneta Coliseum.**

**Kung may plano kayong bisitahin si Sister Raquel, tandaan lamang na ang healing ay nasasa inyo at sa Panginoon. Si Sister ay isa lamang tulay. At tandaan din niyo na ang kailangan upang kayo ay magamot ay ang inyong lubos na pananampalataya.**

# 13

## Magnanakaw sa Gabi

Ayaw kong tumawid ng ilog ng lahar kahit na ang lalim ay lampas tuhod lamang. Sabi nila ang lakas ng lahar ay sampung beses ng tubig dahil ito ay mahigit na mas malapot. Nakita ko ang ibang tumakbo, pahinto-hinto, tinetyempohan na lampasan ang mga along dumadaan bawat tatlumpung segundo.

Sabi ko sa sarili ko, bahala na. May dalawang Aeta akong kasama, isa sa kanan, isa sa kaliwa. Nag-umpisa na kaming tumawid. May konting kaba ako. Sa gitna ng ilog, dumating ang isang malaking alon. Napakalakas ng puwersa na napaluhod ako at hindi na ako makatayo. Hinila ako ng dalawang Aetang malalaking katawan nang buong lakas nila. Ang ilang saglit ay parang taon. Alam ko na kung hindi ako makatayo, tatangayin ako ng agos at pupulutin na lamang nila ang aking bangkay isang kilometro pababa ng agos. Kapag ikaw ay tinangay, bubugbugin ka ng mga batong sinlaki ng basketbol. Sa loob ng isang minuto, wala ka nang lakas tumayo, kahit na hanggang tuhod lang ang lalim ng lahar. Siguradong patay ka na. Yon ang sabi sa akin ng kasama kong Aeta. Noong kaharap ko ang kamatayan, biglang naisip ko ang aking mga minamahal sa buhay.

Ngunit, nahila ako ng dalawang Aeta at nakatayo ako. Nanginginig ang tuhod ko pagdating sa buhanginan. Naupo ako nang matagal, nagdasal at nagpasalamat sa Panginoon sa aking bagong buhay. Kapag kaharap mo ang kamatayan, hindi maaring hindi ka magdasal. Ang pinakamasamang tao ay nagiging santo. Iba na ang lahat kapag hinarap mo ang kamatayan.

Upang maabot ang puso ng mga estudyante, ang mga Heswita ay may tinatawag na retreat o pagbababalik-loob taon taon, isang subok at matandang proseso na tinatawag na Spiritual Exercises o pag-ensayong ispiritwal. Ito ay gawa ng kanilang tagapagtatag na si San Ignacio.

Mahusay si San Ignacio sa paghugis ng diwa ng mga estudyante. Ang una niyang ginagawa sa Spiritual Exercises ay takutin ng lubos ang mga estudyante tungkol sa kamatayan, upang isaad ang Teolohiya ng Takot. Ang Teolohiya ng Pagmamahal ay madali nang pag-usapan sa ibang araw. Mauna muna ang takot, ang lubos na gamot para sa mga baguhan. Kayang sindakin ng takot ang mga manhid o mapagkila, dahil ang kamatayan ay hindi isang haka-haka kundi isang tunay na pangyayaring dadaanan ng lahat. Lahat tayo ay mamatay isang araw, di ba?

Hindi ko makalimutan ang aking retreat noong ako ay nasa unang taon sa mataas na paaralan. Inumpisahan ng yumao nang si Padre Raymond Gough, SJ, ang kanyang mga sermon sa pamamagitan ng mga maiikling kuwento tungkol sa mga biglang namatay. Sa loob ng isang oras, pagkatapos ng apat na maiikling kuwento, tumahimik kami sa aming maingay na biruan. Hininto namin sandali ang aming mga buhay at inisip mabuti itong kamatayan. Kapag inisip mo na ikaw pala ay mamamatay,

**iibahin mo ang iyong pamumuhay. Sabi nila, ang pinakamagaling na paraan upang maging maka-Diyos ay kapag nalaman mong ikaw ay malapit nang mamatay.**

**Pagkaraan ng retreat na yon, laging naiisip ko ang kamatayan kapag may nagkasakit o naakisdenteng kaibigan o kamag-anak.**

**Kaklase ko si Tony Mendoza sa high school. Kabiruan ko siya. Pumupunta kami sa mga party at umeeste sa mga magagandang dilag. Naging sundalo si Tony, isang koronel. Minsan, inaresto niya ang isang kriminal at inilagay sa likod ng jeep papuntang karsel. Naupo si Tony sa harap, katabi ng nagmamaneho.**

**Bigla na lang sinakal ng kriminal buhat sa likod ang nagmamaneho gamit ang posas niya. Nabangga ang jeep sa kasalubong na trak. Dinala nila ang dugu-duguang Tony sa ospital. Ang buong katawan ay puno ng sugat. Humihiyaw siya sa sakit.**

**Habang lumuluha, sumigaw siya nang hindi nahihiya, "O Panginoon, patawarin mo ako sa lahat ng aking kasalanan."**

**Inulit-ulit niya ito hanggang siya ay mamatay. Naisip ko na suwerte si Tony dahil, kahit na biglo at marahas ang kanyang pagkamatay, ninakaw niya ang langit dahil sa napakasimpleng dasal.**

**Si Tony Camus naman ay asintado sa baril sa ROTC noong kami ay nasa colegio. Bihasa siya sa mga iba't-ibang uri ng baril. Pagkatapos mag-aral, nagtayo siya ng ahensya ng guardya. Umunlad ang negosyo niya.**

**Isang araw, isa sa mga guardyang empleyado niya ay nakapatay ng dating sundalong nagholdap ng armored car na hawak nila. Nangako ang kapatid ng sundalo na paghihigantihan niya ang ahensya ng guardyang pumatay sa kanyang kapatid.**

**Isang araw, habang inaatras ni Tony ang kanyang sasakyan palabas ng bahay, inubos ng isang di kilala ang bala ng armalite sa kanya. Kitang-kita ng kanyang panganay na anak na nakaupo sa tabi ni Tony ang lahat. Kapag oras mo na, oras mo na. Hindi ito maghihintay.**

**Marami pa akong kuwento ng mga kaklaseng namatay, Boy Santiago, kanser sa baga, Bert Miranda, kanser sa utak. Sa isang reunion ng mga kaklase sa Ateneo, may nagbiro na wala nang natira maliban sa isa sa buong klase ng 1922.**

**May sumigaw, "Tol, lahat tayo papunta riyan."**

**Tumahimik ang lahat. Ang biro ay naging isang seriosong bagay. Sabi nila ang kamatayan daw ang magtatanggal ng pagkalamang ng tao sa iba. Pagkamatay, pare-pareho na lahat, maganda o pangit, mayaman or mahirap, matalino o bobo, may sakit o wala. Ang langit ay hindi matatamo dahil ang isa ay maganda o mayaman, makapangyarihan o matalino. Sa totoo, maaring ang mga ito ang maging hadlang sa pagtungo sa langit.**

**Gaya ng sabi ng Biblia, ang kamatayan ay tulad ng isang magnanakaw sa gabi, kahit para sa isang dalawang buwang gulang na sanggol o sa isang pitumpong taong gulang na matanda.**

**Kung alam mong malapit ka nang mamatay, anong gagawin mo? Maglalakbay ka ba ng mundo at uubusin ang iyong kuwarta? Hindi. Wala kuwenta ang mga ito sa iyo kung ikaw ay mamatay na. Huhulaan ko kung ano ang gagawin mo. Marahil magdarasal ka nang matindi, babayaran ang mga utang, ipamimigay lahat ng kayamanan, patatawarin ang lahat ng iyong kinamumuhian, mamahalin yung mga hindi mo minahal. Ang mga krisis sa atin ay biglang hindi na krisis. Ang susunod na tanghalian o suweldo ay hindi na mahalaga. Ang mundo na materyal ang unang maglalaho sa pag-iisip, isang mundong nakasanayan na natin, isang mundong kinukuha ang siyamnapu't siyam na porsyento ng ating kaabalahan. Masuwerte yung may mga kanser. Alam nilang sila ay mamatay na at maaring makapaghanda.**

**Si Sister Raquel ay isang healer. Marami na akong naisulat sa dyaryo tungkol sa kanya. Sa dami ng mga may malulubhang sakit, laging kaharap ni Sister ang kamatayan at pagdurusa ng tao, kanser, sakit sa bato, at iba pa.**

**Marami ang gumaling at tinakasan ang kamatayan, kahit na sa ilan pang taon. Doon sa mga gumaling, malaki ang pagbabagong binigay nang hinarap nila ang kamatayan. Bigla-bigla, ang mga bagay na mahalaga ay mga bagay na binabale-wala natin buong buhay natin, pagmamahal, respeto, pagpapakumbaba, pagmamalasakit.**

**Nakapagtataka kung gaano magka-ugnay ang pagbabagong loob sa pag-isip ng kamatayan. Ngunit marami ang ayaw mag-isip tungkol sa kamatayan. Nais nilang isipin ang kabuhayan, hindi ang kamatayang nakakasira ng kalooban. Mabuting ring isipin natin paminsan-minsan na ang ating mga katawan ay balang araw magiging lupa, at ang ating mga kayamanan ay hindi natin madadala sa kabilang buhay, lalo na sa mga nakatamo na ng kayamanan, katanyagan, at kapangyarihan.**

# 14

**Maria Esperanza, <u>Bisyonaryo</u>**

**Ang buhay ni Maria Esperanza ay ikinuwento sa akin ni Sister Raquel base sa isang libro.**

**Si Maria Esperanza, pitongpung taong gulang sa pagsulat nito, ay isang tanyag na bisyonaryong Italiana. Nagkaroon siya ng vision na isang matinding kataklismo ang mangyayari pagkatapos ng taong 2000. At buhat sa pagwasak ng mundo, bubunga ang pagsisisi ng mga makasalanan.**

**Nang siya ay labinlimang taong gulang, si Maria ay pumasok ng kumbento. Kinuwento niya na, pagkaraan ng dalawang taon sa pag-madre, nagpakita sa kanya sa panaginip si Santa Teresa ng Rosas, isa ring bisyonaryo, at sinabi sa kanya na hindi siya bagay sa kumbento at siya balang araw ay magiging tagapaghatid ng mensahe ng Mahal na Birhan sa mundo.**

**Sinunod ni Maria ang sinabi ni Santa Teresa at umalis ng kumbento. Sa isa pang panaginip, nakita niya ang mukha ng kanyang magiging kabiyak sa puso. Nagkatotoo nga ito. Nang makilala niya ang lalaking lumigaw sa kanya, isang mayamang negosyante, nakilala niya na ito rin ang nasa kanyang panaginip. Kayat sila ay kinasal. Naniwala ang asawa ni Maria sa mga vision ni niya.**

**Sa isa pang panaginip, nakita ni Maria ang magiging hasyenda nila. Ang mensahe ng Birhen sa panaginip ay bilhin nila ito, na kung saan lahat ng mensahe para sa mundo ay matatanggap niya. Naghanap ang mag-asawa nang masinop ngunit hindi nila makita ang hasyendang napanaginipan ni Maria. Sumuko sila sa paghahanap.**

**Lambingpitong taon ang dumaan. Nakalimutan na nila ang panaginip. Mayroon na silang mga anak na malalaki. Isang araw, biglang may dumating na dalawang mama, nagbebenta ng isang hasyenda. Binisita nila ito. Bumalik bigla kay Maria ang panaginip. Alam niyang ito na ang hasyendang tinutukoy ng panaginip. Binili nila ang hasyenda at agad lumipat.**

**Naghintay nang naghintay si Maria na dumating ang mga mensahe ng Birhen ngunit wala. Pagkaraan ng dalawa taon, nag-umpisa na ang mga vision ng Birhen. Dumating ang mga mensahe ng sunod-sunod. Pagkatapos ng tuyot, dumating ang baha. Naghintay si Maria ng lambingsiyam na taon bago dumating ang mga mensahe. Parang machine gun ang dating ng mga mensahe. Para bagang nagmamadali ang Birhan dahil sa mundong malapit nang parusahan.**

**Gaya ni Padre Pio, si Maria ay nagkaroon ng stigmata o ang limang sugat sa kamay, paa at dibdib gaya ng mga sugat ni Hesus sa krus. Tuwing unang biyernes ng buwan, dumudugo ang mga sugat at kumikirot, isang mensahe na sa dasal lang at sakripisyo mapapatawad ang mga kasalanang**

**sanlibutan. Nagkaroon din si Maria ng healing power at gumamot ng maraming may mga lubhang sakit.**

**Isang araw, nakita ng dalawang doktor sa dibdib ni Maria ang isang rosas na kumpletong may dahon at tangkay. Ito ay nangyari ng labing-apat na beses sa kanyang buhay, sabi ng libro.**

**Ang oras ng Panginoon ay iba sa ating oras. Pitongpung taon ang dumaan bago nagkatotoo ang hasyenda. Dalawang taon pa ang idinagdag bago dumating ang unang mensahe ng Birhen. Kung walang pananampalataya si Maria, sumuko na sana siya at sinabing ang mga vision ay guni-guni lamang. Ngunit dumating ang mga vision pagkaraan ng dalawang dekada. At dumating ang mga ito araw-araw, at pinuno ang buhay ni Maria.**

**Ang mga mensahe ay napakasimple, gaya ng mga mensahe sa Fatima at Medjugorje. Darating ang pangatlong Digmaang Mundo, mga matinding kapahamakan na papasok ang apoy sa mga bahay (ito kaya ay ang lava na galing ng bulkan pagputok?), mga madugong digmaan at mga salot na sisira sa mga tanim na magbibigay ng gutom sa mga milyon.**

**Ang iba sa mga mensahe ay nangyayari na ngayon, lindol at pagputok ng bulkan, kasama na ang pinakamalaki sa Mt. Pinatubo. Dumating ang El Nino noon 1999 na parang anghel ng kamatayan, nagbigay ng mga malalaking ipo-ipo sa California, mga baha sa Japan, Tsina, at South America, nagbigay ng mga matitinding tuyot sa Pilipinas at sa Siberia. Sinundan ng mga mensahe ng Medjugorje ang madugong digmaan sa Yugoslavia kung saan libo-libo ang namatay. Nadiskubre ng mga puwersa ng NATO ang mga libingan ng maraming pinatay na Albanian sa Kosovo, gaya ng sa Bosnia at Croatia.**

**May posibleng digmaang nuklear sa India at Pakistan. May mga kalahating dosenang lugar sa mundo na maaring pagmulan ng digmaan - India, Korea, Taiwan, Middle East, o Indonesia. Ang mga ito ay maaring pagmulan ng isang malawak na digmaang mundo.**

**Gaya ng mensahe ng Medjugorje, binanggit ni Maria ang tatlong araw ng dilim. Sabi ng iba, maaring mangyari ito kapag may asteroid o malaking batong galing sa labas ng ating planeta na tatama sa atin. Kakalat ang pagsabog nito hanggang langit at maaring magdilim ng ilang araw, gaya ng pagsabog ng Pinatubo.**

**Sa kahuli-hulihan, ang pagwasak ng World Trade Center at ang galit ng Estados Unidos na salakayin ang mga gumawa nito ay babala na may mas matindi pang mangyayari. Ito ay isang pangunahin tungkol sa isang kataklismong malaki. Sasalubungin ng mga Arabo ang pagsalakay ng mga Amerikano.**

**Binabanggit ng mga mensahe ng Birhen sa siglong ito ang parusa sa kasalanan, ang kaligtasan sa pagdarasal at pagsakripisyo, gaya ng sa Old Testament o Matandang Tipan ng Biblia, mga kuwentong kagaya ni Noah, Sodom at Gomorrah, mga mensahe ng Birhen sa Guadalupe, Fatima, Lourdes, Medjugorje. May mga balita tungkol sa mga bagong mensahe ng Birhen sa Vietnam.**

**Ang punto ng lahat ng ito ay hindi naman upang takutin ang mga tao sa pamamagitan ng salot sa mundo, kundi upang gisingin ang mga taong magdasal at magsakripisyo. Marahil, ang panahong gaya ng baha sa kapanahunan ni Noah at ang apoy sa Sodom at Gomorrha ay nandito na.**

# 15

## Hindi Pumalag si Kuya Germs

**Muling inilabas buhat sa Business World**
**Ika-22 ng Nobyembre 2001**

May ikinuwento sa akin at ibang mga kaibigan si Sister Raquel. Bago yon, kailangan ko munang ibigay ang nakaraan.

Natamo ni Sister Raquel ang kanyang kapangyarihang magpagaling ng mga may sakit noon Hulyo taong 1991, isang buwan pagkalipas ng pagputok ng Mount Pinatubo. Sa tingin ko, ang kanyang kapangyarihan ay may kaugnayan sa katklismo ng Pinatubo. Sa barrio ng mga Aeta na Poong Bato (ibig sabihin 'ang Panginoong gawa sa bato') na sinira ng pagputok ng Pinatubo, natamo niya ang kanyang kapangyarihan. Inutos niya sa sampung katao na itayo ang nakahigang estatwa ng Mahal na Birhen na gawa sa semento. Dati, hindi kayang itayo ito ng dalawampung katao dahil sobra ang bigat. Sa utos at dasal ni Sister, naitayo ito ng sampung katao. Pagkaraan ng ilang araw, natamo na ni Sister ang kanyang healing power.

Noon Agosto, taong 1991, pagkatapos ng isang buwan, may malaking planong magkaroon ng healing concert sa Araneta Coliseum sa kaarawan ng Mahal na Birhen sa ika-walo ng Septyembre. Lahat ng mga tumutulong kay Sister Raquel ay lubos ang sigla. Subalit, may isang malaking suliranin sila. Sa araw na iyon, may programa sa Araneta Coliseum ang tanyag na si German Moreno, kilala ng lahat na si Kuya Germs.

Maraming araw sina Sister naghanap ng telepono ni German ngunit hindi makuha ito. Nais nila sanang humiling kay Kuya Germs na ilipat na lamang ang kanyang programa. Mahirap nga lang hanapin siya. Ninenerbyos na ang mga tumutulong kay Sister dahil napakalapit na ng Septyember. Halos suko na sila.

Kinausap ni Sister ang administrasyon ng Araneta Colisuem ngunit sinabi nilang hindi nila matutulungan si Sister. Kailangan si Sister mismo ang maghanap kay Kuya Germs. Gutom at pagod, nawawalan na ng pag-asa si Sister. Pagkatapos makipag-usap sa Araneta Coliseum, kasama ang isang kaibigan, pumasok sila sa isang maliit na restawran sa San Juan upang magmerienda. Nag-order sila ng halo-halo.

Habang naghihintay sa kanilang order, yumuko si Sister Raquel at nagdasal, "Lord, napakahirap naman itong ginagawa Niyo sa amin. Hindi namin mahanap ireng taong ire. Ito ay para sa Iyo, di ba? Hindi ito para sa amin. Aba, e, tulungan Mo naman kami. Please lang, Lord, siguro naman may paraan." (Ganoon laging magdasal si Sister, parang kausap ang tatay at kung minsan, palabiro pa.)

Itinaas ni Sister ang kanyang mata at may nakita siya sa kabilang lamesa. Hindi siya makapaniwala. Sinabi niya sa kanyang kasama na tumingin sa likod kung totoo nga ang kanyang nakikita. Siya na nga, si Kuya

**Germs, nakita nila sa isang napakaliit ng restawran sa isang siyudad ng milyon. Imposibleng aksidente lang yon. Ang kamay ng Diyos ay gumalaw. Maraming kasama si Kuya Germs, ang kanyang mga katulong sa produksyon marahil.**

**Nag-alangang lumapit si Sister. Ngunit nakuha niya ang lakas loob. Tumayo siya, lumapit, nagbigay ng ngiting napakalapad, at sinabi, "Kayo po ba si Mister German Moreno?'**

**"Ako nga po, sister. Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?"**

**Sabi ni Sister, "Alam niyo Mister Moreno, hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa, ano."**

**"Siya, sister. Nakikinig ako."**

**"Alam niyo, may plano kaming magbunsod ng isang malaking healing concert sa kaarawan ni Mama Mary, ngunit may problema."**

**"Ano yon?"**

**Tuloy ang nakangiting Sister, "Hindi namin magagawa ito dahil may show pala kayo sa Araneta noong araw na yon. Hindi kaya puwedeng ilipat niyo na lamang ang show ninyo para kay Mama Mary?"**

**Sindak ang Kuya Germs sa mabilis, maikli at napakaprankang hiling ng madreng nakangiti pa man din. At tandaan ninyo, ito ay isang bigla at hindi pinaplanong pagkita.**

**Sabi ni Kuya Germs, "E, di maghanap kayo ng ibang petsa."**

**"Hindi puwede, Mr. Moreno, kasi kailangan sa kaarawan Niya. Ano sa tingin niyo? Ito nama'y hindi para sa akin, para kay Mama Mary. Regalo lang namin sa bertday Niya."**

**Tinitigan ni German si Sister ng walang imik. Tapos, silang lahat ay napatawa, hindi upang tuyain si Sister. Hindi lamang nila mapigilang tumawa na isang hindi kilalang madre ang lumapit galing kung saan habang sila ay nagmemerienda sa isang restawran, tapos hihiling na ilipat ang kanyang show na plinano na nila ng ilang buwan. Para bagang isang pulubing humihingi ng kotse. Tumahimik lahat. Naghihintay ng pasya si Sister nang nakangiti, manhid sa kanilang tawanan.**

**Umasim ang mukha ni Kuya Germs. Sabi niya, "Ano ba ito? Ano na ang nangyayari sa akin? Pinaparusahan kaya ako?"**

**Tahimik si Sister Raquel, at tuloy ang ngiti. Hindi makapagsalita ang iba, hinihintay magsalita ang boss nila.**

**"Mantakin niyo naman, Sister. Sino naman ang lalaban kay Mama Mary? Sabihin niyo nga sister, kaya ko bang kontrahin si Mama Mary?"**

**"Sa palagay ko nga hindi."**

**Nanlambot ang Kuya Germs, "Siya, siya, sister. Panalo na kayo. Ililipat ko ang show ko. Hindi para sa iyo."**

**"Ay, oo naman. Para kay Mama Mary, di ba?"**

**Tahimik lahat. Tapos ang kuwento.**

**Sa loob ng limang minuto, nakita natin ang kamay ng Panginoon ilipat ang bundok na kahit isang tanyag na direktor ng telebisyon ay hindi kayang gawin, na ipalipat kay Kuya Germs ang kanyang show. Ngunit ginawa ito ng isang madreng kasabwat ang Panginoon.**

**Kahit ilang araw na lamang ang natitira upang mag-organisa, ang healing concert ay naging isang napakalaking tagumpay, lampas sa panaginip ng lahat. Dumaos ang 17,000 na katao kahit na 15,000 lamang ang tiket.**

**Nag-group-healing si Sister Raquel para sa isang katutak na tao. Umuwi silang lahat ng masaya. Kinabukasan, nakatanggap si Sister Raquel ng daan-daang tawag ng pasasalamat na sila ay gumaling, karamihan may kanser na wala nang pag-asa. Noong kaarawan ni Mama Mary na yon, ibinigay ng Panginoon ang pinakamaganda regalo sa Kanyang Ina, ang paggamot sa libo-libong katao.**

**Kung kaya Niyang ilipat ang bundok, ano pa kaya ang isang maliit na show (hindi naman ganoong kaliit, Kuya Germs). Mahirap maiintindihan ang pamamaraan ng Diyos. Salamant na lang, Kuya Germs, at hindi mo kayang kontrahin ang Mahal na Birhen. Ngunit siguro naman, naibalik na Niya sa iyo nang siyam-siyam ang iyong pagbibigay.**

**Magtapos tayo sa Bibliya, "Ang Aking pag-iisip ay iba sa inyong pag-iisip, ang Aking pamamaraan iba sa inyong pamamaraan. Kung ano ang taas ng langit sa lupa, gayun din ang Aking pamamaraan sa inyong pamamaraan, at ang Aking pag-iisip sa inyong pag-iisip. Gaya ng ulang galing sa langit na hindi bumabalik hanggat hindi natutubigan ang tuyong lupa, upang gawin itong mataba nang mabigyan ang tao ng binhi at bigas na pagkain, gayun din ang Aking mga salita. (Isaiah 55:1-11).**

# 16

## Ang Pagbibigay ng Sarili

**Muling inilabas buhat sa Philippine Daily Inquirer**
**Ika-12 ng Enero 2002**

Ito ay isang tunay na pangyayari na kinuwento ni Sister Raquel. May isang mayamang mag-asawa na humingi ng tulong sa kanya. May suliiranin sila sa kanilang anak na babaeng dalawampu't limang taon na. Palayo nang palayo sila sa kanilang anak nang hindi nila alam kung bakit. Sa palagay nila, ang isang healer ay makakatulong lumutas ng 'misterio' kung bakit.

Inumpisahan ng ina at sinabing binigay na nila lahat ng kinakailangan ng kanilang anak. Siya ay laki sa isang tanyag at magaling na paaralan. Mayroon siya nang lahat ng ginhawa ng pamilyang mayaman. Sabi ng ina binigay nila nang lubos ang kanilang pagmamahal bilang mga magulang. Hindi sila nagkulang sa pagpapalaki sa kanya. Ngunit lumalayo lalo ang bata. Hindi alam ng mga magulang ang kanilang gagawin.

Dahil alam ng dalaga na nasa harap nila si Sister, lumakas ang loob niyang magsalita tungkol sa mga bagay na nakatago sa kanyang kalooban nitong huling dalawampung taon, buhat pa noong siya ay bata. Sinabi niyang binigay ng mga magulang niya ang lahat, maliban sa kanilang oras at ang tugon sa pangangailangan niyang ispiritwal.

Bago makapagpatuloy ang dalaga, nagalit kaagad-agad ang ama. Sabi niyang madalas silang magpunta sa mga mamahaling restawran kung gabi. Ibinigay nilang mga magulang sa kanilang dalawang anak, isang lalaki at isang babae, ang kanilang mahalagang oras kahit na sila ay maraming ginagawa.

Hindi natakot ang dalaga sa galit ng ama. Naroroon naman si Sister na sangga. Ngayong bukas na ang bote, kailangan nang lumabas ang dapat lumabas. Tinalo ng pagdurusa ang takot niya sa kanyang napaka-istriktong ama. Sabi niya na doon sa mga pagkain nila sa restawran, wala na silang pinag-usapan kundi negosyo at lagi na lang may kausap sila sa cellphone. Kindatan na lang ang dalawang anak kapag naka-cellphone ang mga magulang.

Lumaganap na ang debate ng mga magulang at anak sa harap ni Sister. Sabi ng dalaga ang kanilang tahanan ay parang isang kampo ng sundalo. Napakaraming regulasyon na hindi na siya makahinga. Sinabi niya ito nang madiin na ang ama ay hindi napakali sa upuan. Dahil napahiya siya sa pagkapranka ng bata, sinabi niyang hindi siya dapat magsalita ng ganoon tungkol sa mga bagay na personal sa harap ni Sister. Ngunit parang bulkang pumuputok ang dalaga. Sa tagal ng panahong hindi niya nailabas ang kanyang damdamin, umagos nang labis ang kanyang kalooban. Walang kaba ang kanyang boses. Lumabas ang mga salita nang simple at hubad. At si

**Sister Raquel naman ay walang imik at pinagmasdan lamang ang dramang lumaganap.**

**Bigla na lamang tumulo ang luha ng ina, mga luhang sinabing alam niya na sila ay nagkamali. Tanong niya, 'Bakit hindi mo sinabi?' Nitong maraming taong dumaan, hindi masabi ng dalaga ang kaniyang sinabi nang tatlong minuto sa harap ni Sister Raquel. Kahit na napahiya ang ama, biglang naunawaan ng mga magulang ang kanilang pagkukulang. Binigay nila ang kanilang oras, totoo, ngunit hindi ang kanilang sarili. Akala nila na sa pagbigay nila ng lahat ng kailangan ng bata, minahal na nila siya. Sa tagal ng panahon, akala nila minahal nila nang lubos ang kanilang anak. Subalit nangangailangan pa rin ang bata.**

**Sabi ng ina na gusto niyang maging malapit sa anak ngunit hindi alam kung papaano, hanggang ngayon. Inamin niyang lagi siyang walang oras, ngunit hinalagahan niya ang relasyon niya sa mga bata. Ang dalawang magulang ay parang tinamaan ng kidlat. Ang suliraning nakatago nang dalawampung taon ay lumabas sa loob ng ilang mahalagang minuto. Nalutas kaagad ang suliranin sa usapang pranka at masinsinan. Walang ginawa si Sister kundi makinig. Ang kanyang pagharap at ang respeto sa kanya ay sapat na.**

**Sabi ni Sister na maraming lumalapit sa kanya na ganito ang problema sa pamilya, lalo na sa mga mayayaman. Ngunit hindi lang ang mayayaman ang may problema sa relasyon. Sa mga mahihirap, pareho rin ang problema, kahit na naiiba ng bahagya ang kaso. May kuwento si Sister tungkol sa isang ama na inubos sa barkada ang kita ng ina sa tatlong araw na paglalaba. Sa mahihirap, kadalasan ang problema ay sa mga bagay na materyal, hindi sa ispiritwal, na sumisira ng relasyon sa pamilya.**

**Sinabi ko na ang healer pala ay hindi lang gumagamot ng sakit gaya ng kanser o lupus o lukemya, na ginagawa ni Sister Raquel. Hindi lang heart-bypass ang hindi na kailangang gawin. Kinuwento ni Sister ang tungkol sa isang sampung taong batang bulag at bingi buhat noong pinanganak. Bumalik ang bata pagkaraan ng tatlong araw kasama ang mga magulang. Nang sabihin ni Sister, 'magandang umaga', sinagot ng bata, dalawang salitang napakatamis sa tenga ng mga magulang. Mabait ang Panginoon sa mga nagdurusa, sa katawan man o sa kaluluwa.**

**Ang paggamot ng pakikibagay sa kapwa ay mahalaga dahil madalas na ito ang mahigit sa kalahati ng mga problema ng mga tao, hindi lang ang kasakitan ng katawan. Ang pagdurusa ay sanhi rin ng hindi pakikibagay sa anak o asawa. Kung minsan, ang pagmamahal ay mahirap matamo. Ang mga bata ay nagdrodroga dahil hindi nakakaramdam ng pagmamahal ng magulang. Mas mahalaga sa mga magulang ang disiplina kaysa sa paglapit ng kalooban sa mga anak. Hindi naiisip ng mga magulang na sila ang madalas na may kasalanan at ayaw lamang magsalita ng mga anak dahil sa takot. Hindi nila makita na kailangan ibigay ang sarili, hindi lamang ang oras, na ang pagmamahal ay hindi lamang ang pagbibigay ng mga kinakailangang materyal.**

**Sabi ni Sister Raquel ang healing ay sakop ang lahat, katawan at kaluluwa. Kailangan munang gamutin ang kaluluwa bago magamot ang katawan. Ang taong hindi makapagpatawad o hindi matutong makibagay sa kapwa ay hindi makatatamo ng healing ng katawan. Paulit-ulit na sinasabi ni Sister Raquel na hindi siya ang gumagamot kundi ang Panginoon. Ang Panginoon ang nagsasabing magpatawad muna, makibagay muna kung nais mong makatamo ng healing.**

**Si Sister ay nagiging hindi lamang healer kundi tagapagpayo sa mga pamilya. Marami ring nangangailang ng payo, hini lamang ang gumaling sa kanser o sakit sa bato, kahit na sa mayaman o mahirap, dyipney drayber o manager ng kompanya, Pilipino o Amerikano.**

# D

## Panghuling Salita

### Mama Mary Bilang Tulay Tungo kay Hesus

**Sinulat ni Padre Rio Evangelista**

**Ang ugnayan ni Hesus at ng Inang Maria ang dahilan kaya tayo ay may debosyon sa Mahal na Birhen, dahil si Maria ang tulay papunta kay Hesus. Upang maunawaan natin ang ugnayang ito ng Anak at Ina, kailangang tingnan natin ang Biblia.**

**Nang nagpakita ang anghel Gabriel sa Birheng Maria noon Annunciation, ang puso ni Maria ay nagka-isa sa puso ni Hesus nang sabihin ng anghel, 'Ikaw ay magkakaroon ng Anak na tatawagin Mong Hesus.' (Luke 1:31)**

**Ang pangunahing pagkaka-isa ng mga Puso ni Hesus at Maria ay natamo nang sumagot si Maria, 'Gagawin kong lahat batay sa Inyong nais.' (Luke 1:38)**

**Sa oras na yon, ang buhay at puso ni Maria ay lubos na nagka-isa sa buhay at puso ni Hesus. Ang malapit na pagkaka-isang ito ay hindi base sa bagay na pagkatao kundi sa bagay na pagka-Diyos, sa kagustuhan ng Diyos Ama.**

**Hindi kataka-taka na sa templo, sinabi ng profetang si Anna kay profetang Simeon, 'Ang Batang ito ay gigitna sa pag-unlad at pagkabigo ng marami sa Israel ... At ang itak ng pighati ay tutusok sa puso ng Kanyang Ina.' (Luke 2:34-35)**

**Ang kasiyahan ni Hesus ay kasiyahan ni Maria. Ang kalungkutan ni Hesus ay kalungkutan ni Maria. Bawat galaw, damdamin, pagnanasa, at isip ng isang Puso ay gayon din ng kabilang puso. Isa itong pagkaka-isang hindi maaabot sa buong kasaysayan ng sanlibutan. Gaya ng sabi ni Luke, 'Sumama si Hesus sa Kanyang mga magulang papuntang Nazareth at naging masunurin sa kanila, at isinapuso ang lahat ng ito ng Kanyang Ina." (Luke 2:51)**

**Nadama ni Maria sa buong kabuhayan Niya itong pagkaka-isa ng puso Niya kay Hesus. Doon sa kasal sa Cana, nang sabihin Niya sa Kanyang Anak na wala nang alak, hindi natiis ni Hesus na tanggihan ang Kanyang Ina, kahit na sinabi Niya noong simula, 'Hindi Ko pa panahon.' Sabi ni Maria sa mga tumutulong, 'Sundin niyo ang utos Niya.' Naunawaan ni Maria sa Kanyang puso ang Kanyang Anak. Kaya, alang-alang sa Kanyang Ina, isinagawa ni Hesus ang isang mirakulo. Ang nais ng Ina ay nais ng Anak, at ang nais ng Anak ay nais ng Ina. (John 2:5)**

**Sabi ni Hesus sa mga nakikinig sa Kanyang sermon, 'Sino ang Aking Ina at mga kapatid?' Tumingin Siya sa paligid at sinabi, 'Naririto ang aking ina at mga kapatid. Kung sino ang sumunod sa nais ng Diyos ay siyang Aking ina at mga kapatid.' (Mark 3:34)**

**Sumunod nang masinop si Maria sa nais ng Diyos Ama, at ng Kanyang Anak na si Hesus. Lubos ang pagkaka-isa ni Maria sa Banal na Trinidad, Diyos Ama, Anak, at Ispiritu Santo.**

**Nang nasa paanan ng nakapakong Hesus si Maria, ang alagad na si Juan, at si Maria Magdalena, sinabi Ni Hesus sa Kanyang Ina, 'Babae, ito ang iyong anak.' At kay Juan, sinabi Niya, 'Ito ang iyong Ina.'**

**Sa Kanyang kamatayan, hiniling Niya sa kanyang pinakatiwalang alagad na alagaan ang Kanyang mahal na Ina.**

**Ang kaligtasan ng buong sanlibutan ay nag-umpisa sa Annunication, nagtuloy sa kabuuan ng ministerio ni Hesus hanggang sa Huling Hapunan, at nagtapos sa Misterio ng Krus at Muling-Pagkabuhay. Sa lahat nitong pangyayari, si Maria ay nasa tabi ni Hesus, gaya ng sa paanan sa krus. Ang pagkaka-isa ng Kanilang mga puso ay hanggang katapusan. Nang ini-alay ni Hesus ang Kanyang Puso sa Huling Hapunan, ini-alay rin Niya ang puso ng Kanyang Ina. Ang dusa ni Hesus ay dusa ng Kanyang Ina sa Kalbaryo. Nang Siya ay binurol, binurol rin ang Kanyang Ina. Kahit na ang nakasisindak na Pieta ni Michaelangelo ay hindi kayang ipakita ito. Nang nabuhay muli si Hesus, nabuhay muli si Maria.**

**Nang bumaba ang Ispiritu Santo noong Pentecost, lahat ng tapat kay Hesus ay nandoon. Si Maria ang una sa paniniwala nang sabihin Niya, 'Gagawin kong lahat batay sa Inyong nais.' (Luke 1:38)**

**Kaya si Maria ay nasa kalagitnaan ng Pentecost. Ang puso Niya ay kung nasaan ang Puso ni Hesus, kung nasaan ang puso ng Banal na Iglesyang itinayo ni Hesus. Kaya Siya ngayon ang tinatawag na Ina ng Banal na Iglesya.**

**Ang ating pananampalataya sa Puso ni Hesus at Maria ay nasa kalagitnaan at ugat ng teolohya, turo, at liturhiya ng Banal na Iglesya. Ang ating pagmamahal sa dalawang Pusong ito ay napakahalaga sa ating pananampalataya bilang mga Kristiyano. Dahil sa pagkaka-isa ng dalawang Pusong ito, matatamo natin ang kabuhayan at pagmamahal ng Panginoon.**

**Ipinapakita nitong huling apat na daang taon ng mga aparisyon ng Mahal na Birhen buhat sa Guadalupe (mga taong 1530) hanggang Medjugorje (mga taong 1980) ang napakahalagang papel ng Mahal na Birhen sa ugnayan ng Tao at Panginoon, gaya rin nang ginawa ng maraming profeta at hari ng Lumang Testamento noong libo-libong taong nakaraan.**

**Si Maria ang tunay na mediatrix at profeta at reyna ng ating kapanahunan dahil lamang ang puso Niya ay nakatugma sa Puso ni Hesus.**